What if We Fall In Love?

What if We Start Over?

PREVIEW

# *What if We Fall in Love?*

VANESSA

# Chapter 1

*I could use a bath.*

Hindi na mabilang ni Dominique kung ilang ulit iyong dumaan sa isip niya habang nasa eroplano pa lang. Salamat at nakalapag na siya at ngayon ay patungo sa baggage carousel. It had been over twenty-four hours since she took a shower. Naging abala siya sa pagbili ng last-minute gifts para sa bridesmaids, groomsmen, parents of the couple, maging sa mga ninong at ninang. Hindi na siya nakaligo matapos

mamili, diretso na sa airport. It was three months before the wedding, and she was sure she wouldn't be able to travel to shop for gifts for the wedding party. Magiging busy siya sa preparasyon ng kasal at sa pagdo-document niyon.

Odd, but she had not even told her parents yet.

*That's not odd. You know exactly why you didn't tell them.*

Napabuntong-hininga siya. Indeed she knew. Her relationship with Antonio, her fiancé, was on and off over the last three years. May mga bahaging hindi niya alam kung sila pa o hindi na, bagaman isang pagkakataon lang sila opisyal na naghiwalay at nang mangyari iyon ay pormal niyang sinabi

sa mommy niya. The woman didn't talk to her for months because of it. Ang sabihing galit ito ay kulang. Well, what was new? Giving her the silent treatment was one of her mother's many weapons.

Nang magkabalikan sila ni Antonio, kahit alam niyang matutuwa ang mommy niya, hindi na muna niya sinabi dahil ano bang malay niya kung maghihiwalay silang muli? And then what? Her mother would blame her for it again. Pero ngayong nag-propose na ang lalaki ay sasabihin na niya. The proposal happened last month and she had accepted. Noong isang linggo, nagtakda na sila ng wedding date.

She was going to start planning their wedding after this trip. Short

engagement, moderately big wedding. Hindi puwedeng simple ang kasal dahil hindi papayag ang mommy niya, gayundin si Antonio. Pero kung siya ang tatanungin, okay na sa kanya kahit kaunti lang ang bisita.

Of course, her followers would want to see the preparations. Ayaw lang niyang matulad sa ibang brides na inaabot ng taon ang preparasyon dahil masyadong madaming puwedeng mangyari at makialam. She wanted to be over and done with that.

Bukas pa dapat ang uwi niya sa Pilipinas at sa isang araw dapat ang family dinner nila sa Tagaytay, sa bahay ng parents niya. Para hindi masorpresa masyado ang kanyang ina, pinauna na niya sa kapatid na may malaking

announcement siya tungkol sa love life.

God, she hated these things, if she were being honest. Bakit hindi na lang sila maging isang normal na pamilya na sinasabi ang mga ganoong bagay openly? Why was she always anxious about what her mother would think, always phrasing and timing everything so carefully? It was exhausting.

Napabuntong-hininga siya nang maalala na ang lahat ng mayroon siya ay bigay din naman ng babae—her brand, her name, her businesses, her entire career.

Umaasa siyang kapag napaglubag niya ang loob ng mommy niya dahil ikakasal na sila ng paborito nitong si Antonio, mas magiging magaan na din ditong tanggapin ang plano niyang

iwan ang career na pinangarap nito para sa kanya at pinagsumikapan nila. She wanted a much simpler life now that she was going to be a wife, and hopefully, a mother soon.

Naghintay siya sa baggage claim area, lumilipad halos ang isip. Wala pang lumalabas na luggage sa conveyor belt. Kaunti din lang ang tao. Alas-dos ng madaling araw. Mas napaaga siya ng uwi, sinadya niya para na rin makatulog nang mahaba at hindi masyadong haggard sa dinner sa isang araw.

She tried calling Antonio, but his phone was still having problems, she guessed. Pina-message na lang niya ito sa kanyang sekretarya. Sanay naman sila na hindi madalas magkausap dahil sa abalang mga schedule. It was mainly

why they drifted apart. At iyon ang naging dahilan kung bakit nag-break sila noon.

Pero bumabalik at bumabalik ang lalaki sa buhay niya. He would bring her flowers, she would accept them. Palaging walang pormal na usapan kung ano na ba ang lagay ng kanilang relasyon. Aminado siyang nasanay na rin sa ganoong sistema dahil wala naman siyang planong maghanap ng iba. Antonio was convenient, not demanding. But the most important thing about him was that her mother saw him as the perfect one for her.

For all intents and purposes, sure. Magandang optics si Antonio dahil may-sinabi ito, galing sa mayamang angkan, Harvard educated, ran huge

businesses, and was not bad-looking at all. Alam din niyang gusto siya ng paryentes nito dahil din sa maganda niyang optics. After all, she was the daughter of Margarita Almazan, the famous Mommy Marge, homemaker extraordinaire, who built an empire while raising two daughters and taking care of her doting husband. And sumunod sa yapak nito ay ang bunso—siya.

Ang ate niya ay rebelde noon pa man. Ang madalas nitong sabihin noon, sinukuan na raw ito ng kanilang ina sa sandaling lumabas ito sa sinapupunan kasabay ng isang matinding palahaw ng kaligayahan—freedom at last.

Kilalang personalidad si Mommy Marge—mabait, perfect wife, and

mother. At nang ipakilala siya nito sa mundo, binuo nito ang on-screen identity niya bilang si Ms. Monique. She wore her mother's signature checkered red and white apron as well, and her 1970s heavily teased, Hollywood-style bouffant. She could only imagine how her mother suffered hours and hours having her hair styled in that way. Ganoon din ang ginawa nila noong una pero nagkasugat siya sa anit dahil sa hairspray. It was a good thing wigs existed.

God, how she hated that hairstyle. Kahit kumabit na sa kanyang public image, katulad ng makeup na sinauna, hindi niya iyon kailanman nagustuhan. Pero sa kung anong dahilan, sumikat siya sa ganoon. Sila ng mommy niya.

Their team was probably the best one in the country. She did everything her mother was famous for and more. Hindi lang siya nagluto at nag-hack ng lahat ng gawaing bahay, tinuruan din niya ang mga misis at kababaihan ng makabagong paraan ng pagnenegosyo. Her mother didn't speak to her after seeing the episode featuring small business ideas for homemakers. She didn't approve of it. Binabago raw niya ang kanilang brand, ang brand na nagpaaral sa kanya at dahilan kung bakit maganda ang buhay nila. So typical of her to make it seem like her father didn't contribute anything to the family when he made more money than her.

But times were changing and

Dominique didn’t want to live like the woman of another era her mother had been. Iyon ang dahilan kung bakit siya naglakas-loob na bumuo ng team para baguhin ang content nila. This was before content creation was how it was today. At dahil nauna silang mag-ina sa TV, magazines, at kalaunan ay siya sa social media, solido na ang brand nila.

But she didn’t want to be Ms. Monique anymore. That wasn’t even the name her family and friends called her. Kahit ang hitsura niya ay ibang-iba kapag wala ang makapal na makeup at ang wig na ilang ulit nang na-spoof sa comedy skits, pero hindi niya maiwan dahil, well, branding. Isa pa, sadyang pinatanda ang hitsura niya para mapalapit sa image ng mommy niya na

mas kilala sa buong bansa maging sa Asya.

Hindi na niya matukoy kung kailan siya sinawaan at nagsimulang magkaroon ng resentment sa lahat ng ginagawa. Hindi lang naman ang hitsura ang ayaw na niya, pati ang buong career na iyon. It was never what she wanted in life, but she had to follow her mother's footsteps. The only thing she liked now was the writing opportunity it had given her. Her blog won a James Beard Award for Best Food Writing. Gusto niyang mag-focus sa writing pero kailangan niyang mag-focus sa production company.

She liked creating online content in the beginning, the creative side of it. Pero dahil hindi nga iyon ang talagang

pangarap niya sa buhay, unti-unting bumigat ang loob niya sa trabaho hanggang sa heto na siya ngayon, maisip pa lang na nagmi-meeting na sila para sa susunod na season ng programa, nawawalan na ng gana. Pagod na siya, hindi pa man.

Mayroon din siyang show sa isang lifestyle channel na pinapalabas sa Southeast Asia. English format iyon. Pero may Taglish at English format shows din siya sa social media. Those were the real moneymakers. Sarili niyang production company ang may hawak niyon, maging iba pang lifestyle channels.

People would probably be shocked if they ever found out that she wanted to sell the company because she was tired

of it. Ang paraan para magawa niya iyon ay pakasalan si Antonio. Well, she could always say to hell with it, but she was too scared of what her mother would say, and of how it might destroy their relationship.

Napakabigat ng obligasyong pinatong nito sa kanyang mga balikat. Kasalanan niya na tinanggap niya pero wala siyang choice. Her mother never asked if she wanted to be the new her. The only peaceful way out was marriage, a quiet family life far away from the city. God, she couldn't wait to live on a farm, write, maybe manage a small business. But no more tapings, no more brainstorming, no more production schedules, sponsors to please, or things to do that never

seemed to end.

She wanted time for herself, to grow, to experience life. Hindi tulad ngayon na ni hindi siya makapagbakasyon nang mas mahaba sa isang linggo. At kahit may researchers siya, siya pa rin ang nagdedesisyon kung ano ang bagay sa brand. Kung hindi man sa production ang focus niya, nasa product development naman, kahit ang ate niya ang namamahala ng food company nila. It was theirs, just the two of them, but the brand was called Mommy Marge's. Brainchild ng mommy nila iyon at noon ay bahagi ito ng kompanya pero nagtatalo ito at ang ate niya. Ang ate niya ay hindi natitibag ang convictions. She was also brilliant at marketing. Mataas ang posisyon nito sa ad agency

nang kunin ng mommy nila para sa Mommy Marge's Food Corporation. Kalaunan, ang dalawa na ang madalas magtalo. And since her mother was retiring anyway, she decided to sell her shares to her eldest daughter.

Sa totoo, hula ni Dominique, hindi nito inakalang makakagawa ng paraan ang ate niya para mabili ang shares nito. Maybe the old lady just wanted her ate to squirm. But her brilliant sister found a way. She bought their mother out, at walang nagawa ang matanda kundi ang tanggapin ang pagkatalong iyon.

Ang payo ng ate niya, huwag niyang gawin ang isang bagay kung ang dahilan lang ay ang mommy nila. Easy for her to say, she had been a rebel all her life. Hindi ganoon kalakas ang kanyang

loob. Kahit anong pilit niya, isang salita lang ng mommy niya, apektado na siya. Pero mababago na iyon pagkatapos ng kasal. She would sell the production company, take a long break, and start a family while doing what she loved in a farm somewhere.

She had been imagining it, a peaceful life. And Antonio surely wouldn't even live there because he needed to be in the city, so that was a bonus.

Natigilan siya sa tinatakbo ng isip. Bakit parang masaya siya sa ideya ng isang asawang hindi niya makikita madalas? Ah, maybe because she was still trying to work on her issues with Antonio.

Sa wakas, dumaan na sa harap niya ang dalawang malalaking maleta. Nang

makuha ang mga iyon ay naglakad na siya palabas ng airport. Naghintay siya matapos tawagan si Mang Pong, ang driver niya. Matagal na ang manong sa kanya, high school pa lang. She loved him because he was loyal to her and not her mother. Isang halimbawa ng katapatang iyon ay ang hindi nito pagkukuwento na minsan nilang nakita si Antonio na may ka-date na iba.

It was the reason for the breakup, actually, though Antonio insisted there never was an affair, but it was getting there. Inamin naman nito iyon, pero nakipag-break bago mauwi sa "opisyal na pagloloko." Para sa kanya, panloloko na rin iyon kahit pa ang sabi nito ay business dinner iyon at hindi date. However, when they got back together,

he also admitted to being with that woman when they were broken up. Noon daw nito na-realize na hindi ito handang isuko siya, na tapusin ang relasyon nila. Nalungkot lang daw ito noong mga panahong muntikan na itong magloko dahil hindi sila nagkakasama madalas.

Ilang buwan itong nanligaw ulit, nanuyo. In the end, she thought her mother would be happy. And anyway, at least he didn't cheat sexually. At least he broke up with her before it came to that, although at the back of her mind, she always wondered if the man was telling the truth. Iyon ang dahilan kung bakit may trust issues pa rin siya dito, lalo na at parang seasonal ang relasyon nila nitong huling taon. May mga buwan na

malayo sila sa isa't isa, halos ni hindi nagtatawagan, hanggang sa biglang hayun na naman ito.

But then he proposed two months ago and she said yes. Nagkataon lang ba na bago ang proposal, nakatanggap siya ng komento sa ina na mukha raw tatanda siyang dalaga kung walang nanliligaw sa kanya? Was that the main reason she said yes? Dagdag pa nito isang araw bago ang proposal, duda raw itong may makikita siyang nakahihigit pa kay Antonio.

God, it took superhuman effort not to tell the woman that Antonio cheated on her. Or "micro-cheated," as some called it these days. Giit ni Antonio, hindi iyon totoong cheating dahil wala naman itong emotional attachment o sexual

relationship sa babae. He was just thinking about it. Para sa kanya, ganoon na rin. Pero binigyang katwiran niya dahil ilang ulit din bang dumaan sa isip niya ang wish na sana ay mas compatible sila ni Antonio? She would fantasize about a faceless man doing the things she wanted—things she thought were impossible anyway. Totoo bang may mga lalaking tulad ng nababasa niya sa romance novels? Wala. She would settle for Antonio. Sa panahon ngayon, hindi na rin uso ang romance-novel love and marriage. It would be foolish to think life and romance could be that perfect. And so she was settling for the next best thing.

Nagawa niyang pigilan ang sariling sabihin sa ina ang dahilan sa likod ng

breakup nila ni Antonio dahil nahimigan niyang ang sasabihin nito ay hindi iyon cheating kung walang cheating na naganap—exactly what Antonio said. Her mother came from an era where sex was the only thing that counted as cheating. Ilang ulit na ba niya itong narinig magbigay ng opinyon na ganoon?

Anyway, she had better learn to trust Antonio more, since they were getting married. Ang mga bali-balitang noon pa ito nagloloko ay walang katotohanan, ayon na rin dito. Madalas lang daw itong gawan ng kuwento sa tuwing nakikitang may kasamang kung sino at hindi raw nito babaguhin ang paraan ng pakikipagnegosasyon dahil lang sa takot matsismis. "*I enjoy wining and*

*dining my clients. I treat them well. That's why I get their business. That's how I close a deal. It doesn't matter what gender or age they are. I treat them all the same. What makes me mad is that people look at me and wonder what you could possibly have in common with me. As if I'm the typical asshole who would cheat on someone perfect like you."*

She thought that was true, in a way. Hindi siya naniniwalang nag-iisa lang ang naka-date nito pero pinili niyang maniwala na kaya nitong maging tapat at hindi na uulitin pa ang lahat ng iyon, na mas mag-uusap na sila. They needed to communicate. But she wasn't good at that. Not really. Sanay siyang huwag na lang sabihin lahat ng saloobin dahil ganoon siya sa parents niya at sa

ganoong sistema siya pinalaki.

Conversations were hard for her because her mother always cut her off or rejected her ideas, and all that good stuff. Pero naisip niyang hindi dapat maging ganoon ang relasyon nila ni Antonio, kaya gusto rin niya itong makausap nang masinsinan bago ang dinner, ergo, she went back home a day early.

Gusto niyang sabihin dito ang planong mag-stay sa farm na noon pa nabili, ang simpleng buhay na malayo sa limelight. Napapagod na siya at kailangan niya ang suporta nito. Ano ang silbi ng pagpapakasal nila kung hindi rin niya magagawa ang lahat ng iyon? It was going to be a dealbreaker, to be honest. She was simply too tired of

the production company. Puwede niyang hindi ibenta, basta't iba na ang mamamamahala at paminsan-minsan na lang siya a-attend ng meeting, or virtually na lang. She wanted to give herself time to… be herself. Be Dominique or Nikki. Ms. Monique should stop existing. God, she hated that woman with a passion, so fake and energetic all the time. Siguro kaya siya pagod na pagod dahil natural siyang introvert, habang ang persona niya sa harap ng camera ay bubbly at wholesome.

She was not that. She had some darkness inside her that showed in her writing and paintings she gravitated toward—heavy compositions and subjects dealing with trauma and

melancholy rather than joy. Although she truly was living a wholesome life, she wanted to experience being wild and careless, too. Ayaw niyang mamatay sa mundo na hindi niya naranasan ang mga gusto niya. Na ang buhay niya ay extension lang ng sa kanyang ina. Not even her mother per se, but her made-up screen identity, Mommy Marge.

She was basically living as a figment of her mother's imagination. And she was done with that. Nitong huling dalawang taon, iyon ang ideyang hindi mawala-wala sa isip niya mula nang pumanaw ang kaibigan niyang dating isa sa executive producers ng show, si Sabine. One day, Sabine resigned, saying she was tired of that life and

wanted to travel the world. She did. Nagsimula ito ng vlog channel. Unang taon pa lang nito, nakakuha na ng one million subscribers. She wasn't even doing a lot, just posting travel videos.

The day of her death, she uploaded one of the most colorful videos of herself, running along a Caribbean beach while controlling a drone. Takbo ito nang takbo sa aplaya. Her skin was dark from years of traveling, and she had never looked so beautiful. Makikita dito ang kaligayahang hindi niya nakita noong magkasama sila sa trabaho.

Two hours after the video was posted, she died in a motorcycle accident. Dominique thought she would choose Sabine's short life over her own if she had a choice. At pumasok

ang ideyang iyon sa isip niya nang wala sa loob niya, pero totoo at walang bahid ng kahit na anong pagpapanggap. Sa sandaling iyon niya na-realize na hindi siya totoong nabubuhay sa mundo. Para siyang marionette, pinapagalaw lang ng mommy niya kung saan nito gusto. And the woman didn't even need to be there to do it. Well, enough was enough. She didn't care anymore.

Well, she did, a little. Kaya nga niya gustong may dahilan siya para magawa ang gusto dahil ayaw niyang magkaroon ng lamat ang relasyon nilang mag-ina. It was already fragile as it was. Kapag nalaman nitong ibebenta niya ang iniisip nitong pinaghirapan nito, baka hindi na siya nito kausapin kailanman. Nevertheless, if she told her

it was impossible for her to start her own family with the work involved in the shows, she wouldn't have any other choice but to understand. After all, she was supposed to put family first. At all costs. That was what she always said.

At kung sakaling sabihin nitong magpahinga na lang muna siya dahil nakakita na siya ng tine-train para maging executive producer din, gagawin din niya siguro. But eventually, she would use family as an excuse to let go of the production company altogether. Maybe she would just keep mentoring Alicia and Freida, two young hopefuls, and possibly even help make them the next big names. Pero maisip pa lang niya na ganoon din ang lalabas, na mapapapagod pa rin siya, ayaw na niya.

Maybe she was really going to sell everything. Just the thought of it gave her peace.

Alam niyang masama na iyon ang motibo niya sa pagpapamilya pero gusto rin naman niya ng mga anak. It was like hitting the jackpot.

Nang pumarada ang sasakyan sa tapat niya ay agad bumaba si Mang Pong, tinulungan siyang ikarga ang mga maleta sa likod. Sumakay na rin siya at lumakad na sila. Dama niya ang pagod kahit nakatulog naman sa eroplano. Maybe her exhaustion wasn't merely physical.

Mabilis niyang narating ang condo. Sakay ng elevator ay pinaplano na niya ang ititimpla sa bath. Higit-higit niya ang mga maleta hanggang makarating

sa tapat ng unit. Tahimik niyang pinindot ang kombinasyon ng pinto. Nang mabuksan iyon ay kinabahan siya dahil may tao, sigurado siya. But then she thought it was just Antonio. Alam nito ang kombinasyon kaya nakapasok. Maybe it was one of those days when he missed her. But God, why now? Gusto niyang matulog mag-isa, i-enjoy ang bath nang nag-iisa, at matulog nang tahimik.

Bukas ang ilaw sa sala, pero dimmed. May alak sa coffee table… at dalawang wineglasses. Noon siya nakadama ng kaba. Nakiramdam siya, nakinig. May ingay na nagmumula sa kanyang silid. Marahan siyang nagtungo roon. Palakas nang palakas ang tunog, palaswa nang palaswa. Nakaawang ang

pinto kaya dinig na dinig niya ang ungol ng dalawang tao.

Ni hindi narinig ng pareha sa kama ang pagtulak niya nang bahagya sa pinto. And there they were, Antonio and Freida, fucking on her bed like animals.

“Tell me who’s better, daddy,” Freida asked, on all fours.

“Baby, you will always be better than your cold boss,” tugon ng lalaki habang nakakapit sa balakang ng babae, sige sa pag-ulos.

“Remember how well we fuck on her bed when you’re married to Ms. Boring, daddy. Fuck me, daddy. Fuck me with that big, thick cock.”

“You naughty girl,” patuloy ni Antonio.

In that moment, all Dominique could think of was how pathetic these two liars were. Big, thick cock? Since when? Did he get penis enlargement surgery? Pero sa kabila niyon, dumaan din ang isang tanong sa isip niya sa kabila ng nasasaksihang pagtataksil ng mapapangasawa—how come he was never that passionate with her? And how dare this bitch she was mentoring use her as part of her kink!

"Get out of my house, you animals!" singhal niya. It was the fact that they were making fun of her while fucking that made this infuriating.

Ang sabihing nabigla ang mga ito ay kulang. Agad tumayo si Antonio, itinakip ang isang unan sa ibaba, habang si Freida ay tumihaya para

itakip ang kumot sa katawan.

"Sweetheart, it's not what it looks like..." sambit ni Antonio pero hindi rin natapos ang sasabihin dahil paano nito ide-deny ang lahat ng iyon?

"You're disgusting," sabi niya. God, he ruined her bed and her sheets. He better pay for it. And the house, too. She had been meaning to sell it anyway.

Gusto niyang iwan ang dalawa doon pero bakit siya ang aalis? Bahay niya iyon!

"Freida, make sure you take those sheets and burn them. Wala akong balak ligpitin ang kalat ninyo! Pagod na pagod ako!" singhal niya, malapit nang magwala. "Do it now! Now!"

Hindi magkandatuto ang babae na magdamit at magligpit. Binalingan niya

si Antonio na nagsusuot na rin ng mga damit nito.

"How many times have you fucked her in my house?" tanong niya.

"Dominique, please—"

"How long has this been happening?"

"Not long."

*Like your penis*?

Tiningnan niya si Freida na sa puntong iyon ay binabalumbon na ang duvet.

"Do it properly or you will have trouble carrying that filthy thing to your car, Freida," bilin niya, matalim ang sulyap dito, saka binalingan si Antonio. "Tulungan mo ang babae mo."

"Can we talk?"

"No!" She looked at him

incredulously. Ano pa ang naiisip nitong pag-uusapan nila? “As far as I’m concerned, we’re through. I’m just glad I didn’t tell Mommy yet. God, the dinner. You asshole! I can’t even look at you right now. You’re disgusting! And now, the dinner.” Naihagod niya ang kamay sa buhok. Sumabit ang ilang hibla sa engagement ring nila. Marahas niya iyong hinubad at ibinato rito. “Fuck your ring! Get out! Out, the both of you, disgusting pigs!”

Hindi nag-abala si Antonio na hanapin ang singsing na nag-ricochet sa dibdib nito, isang pahiwatig ng pride nito—na ang kapal ng mukha nitong magkaroon pa matapos niyang makita sa posisyong nakakasuka.

“I’m very sorry, Ms. Monique—”

"Save it," agaw niya sa litanya ni Freida. Kipkip nito ang lahat ng covers ng kama niya, maging ang mga punda. She would have to burn the mattress and pillows as well. In fact, she wanted to burn the entire unit down, if it weren't for the fact that that was a felony and impossible to do.

Nagmamadali nang tumalilis ang babae, muntikan pang madapa nang matapilok. God, she taught that kid a lot. Hindi siya madamot sa pagbabahagi ng talent. Pero ano ang ginawa nito?

"Can we please talk?" si Antonio.

"Just leave," sambit niya, tinakasan na ng lakas. Wala na siyang enerhiya.

"I will call you when things calm down."

"You think you can still fix this? You

think I can forget what I saw? You're an even bigger fool than I am for trusting you again. You don't deserve it—"

"You and I both know we need something from a marriage that won't spark fire even if we douse it in gasoline."

Napanganga siya rito.

"Come on, Dominique. You're not marrying me because you're in love with me. We both need something from each other, and it's not love. Or sex."

"Get out of my house. Now."

Bumuntong-hininga ito, saka naglakad palabas ng silid. Naghintay siya bago palitan ang kombinasyon ng lock. And then she cried. She bawled her eyes out, exhausted and not looking forward to the future, because how the

hell could she tell her mother she was done with the production company? All her plans were ruined, just because that asshole couldn't keep his tiny wiener inside his pants. And now, instead of the bath she had been craving, she needed to clean the whole apartment to get the traces of those two off.

Nagsimula na siya mayamaya, wala sa loob ang ginagawa habang gamit ang steam cleaner sa mattress hanggang sa maisip na hindi niya rin magagamit kailanman ang kama at mattress na iyon kaya iniwan na niya. She took a shower and slept in the other room. Home office niya iyon na mayroong couch. She thought she would cry again, but strangely enough, she fell right asleep.

# *Chapter 2*

Halos mapanganga si Dakila sa babaeng hubad sa harap niya, nakahaing parang isang putahe. Kung masarap, ewan niya. Kumbaga, gusto niya sanang tikman kanina nang hindi pa naaalis ang takip dahil amoy masarap, pero nang matalupan, medyo alanganin na siya. Hindi niya alam kung matatawa o mapapakamot ng ulo—hindi kasi siya pamilyar sa pagkain, hindi niya tuloy matukoy kung paanong atake ang gagawin niya.

Hindi sa pagyayabang pero matagal nagparamdam ang babae bago nakamit ang matamis niyang oo sa paanyaya nito ng date. Date na sa umpisa pa lang, nahuhulaan na niyang mauuwi sa kama dahil sa chat pa lang, mainit na ito makaraan ang "talking stage," 'ika nga ng kabataan. Siguro mga dalawang linggo lang silang nag-chat tungkol sa buhay-buhay at bigla na lang itong tumawag, na nang sagutin niya ay tumambad ang puwit nitong halos walang saplot sa iksi ng shorts. Sabi ng babae, napindot lang daw nito, hindi intensiyong ma-butt dial siya.

Pero mula noon, medyo naging mainit na ang usapan nila at bilang isang maginoo, pinadalhan niya ito ng merienda dahil nararamdaman niyang

maglalaban sila sa kama. Tao lang siya, at maganda ang pang-upo ni Ma'am Anita. Math teacher ito ng high school, dalaga, twenty-eight years old. May-hitsura, may pigura, mahaba ang buhok na malamang alaga sa parlor—tulad ng mga kuko. Ang mukha nito ay halatang alaga sa rejuv, tulad ni Dang, ang tindera niya sa shop. Hindi niya kayang ipaliwanag kung bakit kahit makinis ang resulta ng produktong iyon, merong kakaiba sa mukha ng gumagamit at mapapansin agad ng lahat. Para bagang hindi natural.

Mapili siya pagdating sa babae, hindi nagpapapapatol basta-basta, pero hindi ibig sabihin wala siyang papatulan. Kawawa naman si Dakila Junior, baka masobrahan ang pagkadakila. Depende

sa lebel ng pangangailangan niya at sa sitwasyon, pero ilang linggo na rin namang laman ng imagination niya si Ma'am Anita, kahit medyo nasobrahan sa kinis ang mukha nitong mas maputi kaysa sa ibang bahagi ng katawan. Siguro dahil matagal na rin naman siyang walang nakakatabing mainit na katawan.

Ayos sana dahil game naman si Ma'am kahit pinauna niyang wala siyang balak maging seryoso. Kasal naman daw kasi ito kahit may limang taon nang hiwalay, hindi rin uubra ang seryosong commitment. Hookup lang daw. Aba, sino siya para umatras? Masama ba ang gagawin niya? Hindi naman dahil may asawa na rin daw ang asawa nito, may anak pa nga raw sa iba.

Nagkataon lang daw na walang divorce sa Pilipinas at masyadong mahal ang annulment.

Na-excite siya kay Ma'am dahil tinukso siya nang tinukso. Nagpadala ng sexy pictures, mga naka-lingerie na tanaw ang lahat. Pero, pucha, paano naman siya gaganahan ngayon? Dinala pa niya sa magandang Airbnb ang babae pero mukhang pangmumurahing motel ang style nito. Pagkapasok pa lang, binuksan na agad ang TV, sabay tanong kung bakit daw walang X. Langya. Naghubad agad ang impakta, walang kapino-pino. Hindi niya tuloy malaman kung siya ba ang mahinhin, o sadyang parang nasobrahan lang si Ma'am.

Ayos pa rin. Nang makita niya ang hubad na katawan, biglang nagyabang

si Dakila Junior—pero tumamlay nang umarte-arte si Ma'am na parang naghihingalong Pikachu. Umungol-ungol itong parang nasa Japanese porn. Cosplay yata ang gusto dahil nagsuot pa ng baong headband na may tenga ng pusa yata o kuneho. Ang tinis ng impit na ungol nito, kulang na lang ay mag-dialogue ng Hapon, habang sige ito sa pagsalat sa pagitan ng mga hita, umaaktong parang sinasamantala at ayaw ang ginagawa, style-Hapon talaga.

Sino ba naman ang gaganahan sa eksaheradong acting nito? Lalo na at parang gusto pa yatang umarte rin siyang pinipilit ito. Lahat tuloy ng tikas ni Junior, umatras. Ayaw niya ng babaeng pinipilit, hindi siya ganoong klaseng lalaki. Mas gusto niya iyong

bigay na bigay, iyong naliligayahan; hindi iyong pupuwersahin niya dahil hindi naman siya rapist.

*Nampucha itong si Ma'am.*

Inabot nito ang kamay niya, ipinatong sa dibdib, saka umungol-ungol na may patulak-tulak sa kanya—naging comedy na ang dating. Japanese pa naman ang pinakaayaw niyang panooring porn dahil mismo sa ginagawa ni Ma'am. Lahat ng init niya, nauuwi sa tawa at pagka-turn off. Wala pa siyang nagiging girlfriend na Haponesa pero siguro hindi naman ganoon ang mga iyon sa totoong buhay na parang sa cartoons.

"Ah-ah-ah-ah," patuloy ni Ma'am Anita habang nakatagilid sa kama, nakataas ang isang hita sa ere, panay

ang pagpapaligaya sa sarili. Kumbaga sa makina, hindi pa man niya inii-start, umandar na. Mukhang balak siyang iwan. Akala niya, siya lang ang sabik dahil matagal nang wala, may mas matindi pa pala ang pananabik sa kanya. Ibang klase rin ang babae, talagang palaban. Buong akala niya pa naman, mahinhin ito at talagang tinamaan lang sa kanya.

Pumihit ito, iniharap sa kanya ang puwit, panay pa rin sa paghawak sa sarili, wala pa ring tigil sa pag-ungol. “Ah-ah-ah-ah,” sabi nito, saka itinuro ang likuran.

Pinigilan niya ang sariling matawa. Hindi na yata nito magawang makapagsalita kakaungol kaya nag-sign language na lang. Nagkibit-balikat siya

at nagsimulang maghubad. Matamlay ang kanyang panabong. Napansin naman ng babae at agad itong bumangon. Paluhod itong lumapit sa kanya at sinimulan siyang paligayahin.

Hindi na naubos ang ungol nito. Nakakawalang-gana talaga dahil fake na fake. Eksaherado din itong magbigay ng ligaya, para itong gutom na gutom.

"Anita?" aniya.

Ungol ang sinagot nito, halos hindi lumabas sa bibig na punong-puno ng kanyang tanging yaman. Mukhang hindi sila magkakaintindihan ng babae kaya nagmuwestra na lang siya rito, kahit hindi pa full salute ang kanyang alaga dahil tumamlay na naman. Pinahiga niya ito. Agad itong tumalima, itinaas agad ang magkabilang binti sa

ere.

“Ipasok mo na—ah, ah, ah,” pagbibigay-instruksiyon nito kahit gusto sana niya itong paligayahin muna.

Salamat na rin at matagal siyang walang aksiyon, nakatulong na ang paghagod niya sa kanyang mandirigma. Nagsuot siya ng condom. Gusto man niya ng mahabang foreplay, paano niya sisimulan kung literal nitong binubuksan ang daan? Iba ang diskarte ni Ma’am, hindi niya maintindihan. Pero pumuwesto siya sa kama at kapapasok pa lang ng kanyang alaga, inalog-alog na ng babae ang katawan, sa gayon ay makasabay sa kanyang paggalaw.

‘*Langyang babae ‘to, mukhang tanga.*

Gusto na niyang bumigay at matawa pero nandito na siya, tatapusin na niya ang lahat. Hinayaan na niya sa trip nito si Ma'am. Pumikit siya nang mariin, nanghiram ng init mula sa mga babaeng hindi niya makikilala kailanman—mga artista, modelo, singer.

"Ang laki-laki ng etits mo!" sabi nito sa tinig na pinaliit at matinis, animo sinapian ng announcer sa Ghost Fighter. "Ang haba-haba, ang laki-laki. Ooh! Jumbo hotdog," patuloy ng babae, sabay ungol.

*Taragis ka, hindi tayo matatapos*, sa loob-loob niya, nakapikit pa rin. Kung puwede lang takpan ang mga tainga niya. Pero parang walang balak ang babaeng pagbigyan ang lihim niyang hiling na sana manahimik na lang ito.

“Jumbo hotdog, ipasok mo sa akin,” anito sa matinis pa ring halinghing. “Mas malaki sa jumbo hotdog. Hungarian. Hungarian na MaLing. Gusto ko ng MaLing. Ipasok mo ang MaLing! Ah-ah-ah!”

Hindi na napigilan ni Dakila ang sarili, napahalakhak na siya, sabay hugot kay Junior dahil mahuhubad ang condom. Ayaw na, hindi na kaya. Kumbaga, biglang nag-brownout, bumagsak ang boltahe ng koryente kaya biglang tiklop ang mandirigma.

“Ano’ng nangyari?” tanong ng babae, takang-taka. “Akin na, patigasin natin.”

“Hindi na siguro, Anita. Para tayong cartoons, eh. Hindi ko sakay ang trip mo.”

Agad nagsalubong ang mga kilay nito. “Anong cartoons?”

Natatawa pa rin siya. “Parang napasobra ang acting mo. Parang kuwan, ‘yong anime—hentai.”

“Nakakainsulto ka naman, Daki!” Matalim ang tingin nito sa kanya. Bigla itong tumayo at nagbihis. “Ako, iniisip mong cartoons? Pinagtatawanan mo?! Ang kapal ng mukha mo!”

Lalo siyang natawa dahil suot pa rin nito ang tengang balbon. Ano ba’ng pakulo nitong si Ma’am?

Mukhang lalo itong nagngalit sa galit. Dinuro siya nito. “Hoy, para sabihin ko sa ‘yo, madaming nagkakandarapa sa akin pero ikaw lang ang pinatulan ko!” Pinagmasdan siya nito, saka tumaas ang sulok ng labi.

“Ang yabang mo, lambutin ka naman! Oo nga, totoo ang balita na malaki ‘yang sa ‘yo, pero aanhin ko ang malaki kung ayaw namang tumigas?!”

*Paano titigas, ginawa mong Ghost Fighter*, sa loob-loob niya pero hindi na sinabi. Masyado na niyang nainsulto ang babae. Gentleman naman siya at siguro puwede namang ituloy kung marunong itong makiramdam, pero mukhang may sariling strategy ang guro. Talagang hindi niya maintindihan kung anuman iyon. Hindi niya alam kung paano ito paliligayahin dahil ayaw niyang makipag-sex habang umaarte, lalo na kung wala silang pinag-usapan beforehand. Kung roleplaying ang gusto nito, hindi rin niya trip ang

pilitan. Ayaw niya rin ng walang foreplay. Nakakaalangan ang gusto ni Anita na ipasok na lang niya pero sige na rin. Pero paano siya makakapagpatuloy sa mga linyahan nitong balak yatang isa-isahin ang mga processed meat?

Bago pa siya muling nakapagsalita, lumabas na ang babae ng silid. Hindi na niya ito hinabol. Madaming tricycle na dumadaan sa labas at maaga pa rin dahil plano sana niya noong una, kumain muna sila at magromansahan kahit paano. Ano ba naman ang konting bolahan? Pero iba ang gusto ni Ma'am. First time niyang makaengkuwentro ng tulad nito.

Harinawang hindi na maulit.

Sayang ang kuwarto kaya solo flight na lang siya, pero natawa pa rin kaya

hindi nakatapos. *Taragis si Ma'am, lonely tuloy si Junior*, naiiling na naisip niya, tumuloy sa banyo at naligo.

MADAMING negosyo si Dakila, pero ang pinakamalapit sa puso niya ay ang bookstore dahil doon siya lumaki. Doon din niya nakilala ang nag-iisang babaeng minahal. Ashley ang pangalan ng babae, half-Pinay, half-British na nakabase sa England. Nagbakasyon ito sa Pilipinas, dahil tagaroon sa kanila ang tatay nito. Mala-*Notting Hill* ang istorya nila.

Hindi niya malimutan ang isang buwan na nagkasama sila agad nang makilala niya ito dahil naligaw sa bookstore niya. Na-adjust ang petsa ng pagbalik nito sa England dahil para

silang nabaliw sa isa't isa. Love at first sight.

Buong akala niya, napakatibay ng relasyon nila. Ang dami nilang pangako, at lahat ng iyon tinupad niya. Ilang ulit din niya itong dinalaw para mamasyal sila sa iba't ibang lugar sa Europe. Madami din siyang pinadalang tickets dito para makauwi sa tatay nito sa San Isidro at magkasama sila. Nakaplano na rin sila para sa hinaharap—na ito ang titira sa Pilipinas dahil mas maganda ang kabuhayan niya. Bibigyan din niya ito ng puhunan para makapagtayo ng negosyong gusto nito. Sumang-ayon ang babae dahil napapapagod na rin daw ito sa pamamamasukan sa sikat na restaurant chain sa UK bilang manager.

Pero isang araw, bago mag-book ng ticket para bisitahin itong muli, sinabi nitong huwag na siyang tumuloy. Hindi niya maintindihan noong una kung bakit inaatras nito nang inaatras ang schedule—may problema raw sa main office, may sakit ang nanay nito, nagkaroon ng emergency ang kapatid nito, may mga papeles itong kailangang asikasuhin, at kung ano-ano pa. Tumagal ng tatlong buwan iyon hanggang sa napilitan na itong umamin na may nakilala na itong iba. Nahihirapan na raw ito sa long-distance relationship nila. Hindi iyon ma-absorb ng isip niya.

Isang araw, nakita niya sa Instagram ang gender reveal video nito. Lumalabas na apat na buwan na ang

tiyan nito bago inamin sa kanya. Pinadalhan pa niya ito ng regalo para sa anniversary nila, buntis na pala ito sa iba.

Sobrang sakit. Pinagpalit siya sa isang puting-puti at may-katabaang lalaki. Nabale-wala ang kagandahang lalaki niya at pagdyi-gym, ang lahat ng pagpapapapogi niya at excitement sa pagkikita nila. He lived day by day waiting for the moment they would be together again, making sure he was at his best physically, emotionally, and mentally. Pero higit doon, ang sakripisyo, katapatan, at pagmamahal. Ang daming umaaligid sa kanya pero wala siyang pinansin ni isa dahil pinagmamalaki niya ang faithfulness sa kanyang Ashley, na nakahanap na pala

ng iba.

Teenager pa lang, habulin na siya. Mula pa noong nag-aaral siya hanggang ngayon ay siya ang life of the party. Bukod doon, kilala rin ang kanyang pamilya. Kilala sila sa lalawigan ng Laguna. Landed ang angkan, taal na tagaroon, at maykaya sa buhay. Dating gobernador ang lolo niya na naging senador. Naging congressman ang kuya niya at katatapos pa lang ng termino nito. First and last, ayon dito. Alam ng buong distrito na mananalo ito kung tatakbong muli sa kahit na anong posisyon pero nagretiro na ito sa politika, isang bagay na naiintindihan niya dahil may anak itong hindi maipaubaya sa iba. Bukod doon, kailangan nitong asikasuhin ang law

firm na itinayo ng kanilang lolo.

Ang kanyang mga magulang ay may-ari ng ekta-ektaryang lupain na nabili ng malalaking korporasyon. May commercial buildings sila, madami. Bukod doon, mayroon ding farms. Lahat ng iyon ay nasa ilalim ng negosyong nakapangalan sa kanilang limang magkakapatid.

Siya naman ay mayroong bookshop, meat shops, fast-food franchises, sanglaan, gasoline stations, fuel tankers, at iba't ibang klaseng tindahan sa buong bayan, bukod sa stocks at assets na pinapa-manage sa pinsang broker. Noong nakaraang taon, nakapasa siya sa bar kaya technically, abogado rin siya, kahit wala masyadong nakakaalam. Hindi siya nagpa-practice,

gusto lang niyang tuparin ang pangako sa ama. Isa pa, ang dami na niyang negosyo, kahit balak niyang magtayo ng notary office dahil malaki ang kita. Hindi pa puwede sa ngayon dahil madami ding requirements iyon, kabilang na ang seminars, trainings, at iba pa. Unti-unti. Hindi siya nagmamadali.

Masaya siya sa hanapbuhay, kahit pa nga madalas na malungkot dahil nag-iisa na sa bahay. Pumanaw ang kanyang mga magulang may limang taon na rin. Tatlo silang lalaki at dalawang babae. Ang kuya niya, may sariling farm property sa Ciudad dela Luna, isang subdivision na mukhang heritage town. Ang sumunod dito, abogado at pinag-iisipan kung papasok sa politika. Ang

dalawang kuya niya ang nakatoka sa law firm. Ang mga kapatid niyang babae naman ay parehong nakapangasawa ng foreigner—isang Briton at isang Canadian.

Kung minsan, parang gusto na rin niyang lumagay sa tahimik. Pero alam niyang hindi sagot sa kalungkutan ang paghahanap ng asawa. Gusto lang siguro niya talaga ng sariling pamilya. Ang daya kasi ni Ashley, sinayang ang pitong taon niya. Kung minsan, hinahanap-hanap pa rin niya ito, ang mga pangako nila. Masyado kasing maganda ang mga plano nila. Sayang.

Kadalasan, naiisip niyang ayaw niyang magseryoso for the sake na magseryoso. Kumbaga, ayaw niyang makipag-date na ang pakay ay humanap

ng asawa. Hindi naman siya matandang binata. Siguro sa ngayon, hookup-hookup muna. Huwag lang hentai.

"Kuya?"

Napalingon siya kay Dang, ang mahilig sa rejuv. Wala nang bukambibig kundi iyon, katkat naman nang katkat ng nagbabalat na mukha. May kalahating oras na siya sa bookstore. Matagal na niya iyong gustong isara dahil humina na talaga pero legacy ng nanay niya iyon. Dinagdagan din niya ng ibang section dahil bumagsak na talaga ang sales ng libro. Bookshop, office supplies, art supplies sa isang panig; sa kabila naman, souvenir and pasalubong shop. Kahit paano, buhay naman ang tindahan dahil nasa daanan pa-

Tagaytay. Kailangan niya sigurong lagyan ng coffee shop para dayuhin. Labag sa loob niyang isara ang negosyong malaking bahagi ng buhay niya.

May picture pa ng sinaunang bookshop. Kuwento ng nanay niya, dinadayo pa sila ng mga taga-Maynila noong araw, iyong mga naghahanap ng malulupit na medical at law textbooks at mga encyclopedia. Kompleto sila ng hard-to-find books dahil may tiyuhin siyang bookworm na nasa Amerika, pinapatawid ng barko ang mga libro. Ah, those were the days. Naaalala pa niya kahit bata pa siya noong tumutulong sa tindahan. Mula roon at sa law firm, madaming naipundar ang mga magulang niya.

Pero heto, wala na yatang nagbabasa sa mundo. Iilan na lang. Puro TikTok na ang tao, YouTube, IG, Facebook. Kaawa-awang mundo, nilimot na ang pagbabasa. Ang dami tuloy bobo ngayon. At kapag may mga estudyante, alerto agad siya dahil ang bibilis ng kamay. Nakakawalang pag-asa na ang mga kabataan kung minsan, naiisip niya.

"Kuya, tumawag kanina 'yong Professor Mendoza. May email daw siya."

Napabuntong-hininga siya. "Sige, titingnan ko. Salamat. Mananghalian ka na muna. Patirhan mo ako ng isda at nilagang baka, kung meron." Napahawak siya sa tiyan. Wala na siyang abs ngayon, pa-dad bod na.

Matagal-tagal nang hindi nakakabisita sa gym. Pero nitong huling dalawang buwan, salamat kay Ma'am Anita, nabawasan siya ng ilang kilo at nawala ang usli ng tiyan. Siyempre, gusto niyang kahit paano pogi, lalo kapag nakahubad. Ang kaso, langya, nasayang ang diyeta niya. Ayos na rin. Kaunting diet pa, cardio, weight training, maano ba't babalik din siya sa dati.

Noong naghiwalay sila ni Ashley, lumaki siya dahil imbes na mag-gym, nag-rice at extra rice siya. Dahil gusto niyang makalimot, wala siyang tinanggihang party. Pakuha na siya ng bar exam noon pero hindi natuloy. Hanggang sa isang umaga, nagising siyang nasusuka na maisip pa lang ang amoy ng alak. Nagsimula siya ulit mag-

jogging. Sa kasamaang palad, hindi na siya nagbalik sa gym at panay-panay ang kanin, tinapay, pasta. Dahil kahit nawalan siya ng gana kay San Miguel, nabaling niya sa carbs ang atensiyon. Hindi naman nabawasan ang mga "manliligaw" niya kaya ayos pa rin. Pero nang dahil kay Ma'am Anita, medyo natigilan siya at naghanda sa laban—na hindi natuloy. Natatawa pa rin siya kahit dalawang linggo na iyong nakararaan at nagpakalat na rin ng tsismis ang babae—na lambutin daw siya kahit totoong malaki.

Aba, legendary sa kanilang bayan si Dakila Junior. College, inawitan siyang sumali sa Ginoong Lalawigan. Napilitan siyang umoo dahil sa kantiyaw ng pinopormahan niyang chick na taga-

pep squad. Captain siya ng basketball at siya rin daw ang pambato sa Ginoo. Malay ba niyang may handler pala ang ganoon at iyon ang magdedesisyon kung ano ang isusuot niya? Pinag-Speedo ba naman siya, bakat na bakat ang kinabukasan. Biglang naging alamat ang kanyang sundalo. At dahil minsan lang nasilayan, naging bulung-bulungan. Kaya siya napagtripan ni Anita malamang. Luka-lukang babae. At dahil sa hentai nitong diskarte, tumamlay ang kapita-pitagan at ngayon, nabansagang malamya sa bulung-bulungan.

Pumuwesto siya sa likod ng cash register at binuksan ang email gamit ang phone. Nagtatanong si Professor Mendoza kung kumusta ang sales ng

libro nito. Ang totoo, hindi maganda. Wala pa siyang nabebenta kundi iisa, siya pa ang bumili. Nabasa na rin niya. Maganda naman, halatang pinagpaguran, ni-research—pampatalino. Pero hindi na ganoon ang gusto ng mga tao ngayon.

Nag-reply siya sa propesor—banayad pero makatotohanan. Aniya, subukan nitong ibenta abroad dahil iba na ang mga readers ngayon sa Pilipinas—kahit pangmasa, minamasa pa. Mabigat din sa loob niyang ipadala ang message sa propesor. Madaming indie publishing ang umaasa sa mga tulad niyang independent bookstore, pero nagdudumilat ang katotohanan—mauubos na ang writers sa Pilipinas, ilang taon na lang. Ang matitira na

lang, iyong kakaunting sikat sa kabataan.

"Hay buhay," sambit niya, malungkot. Lumaki siya sa piling ng mga libro. Hindi niya ma-imagine ang buhay na walang binabasa.

Matapos mag-email, nagsalansan siya ng banana chips, kasuy, at dried mangoes. Hindi pa niya naiaayos ang mga pakete sa ibabang shelf nang tumunog ang door chime. Sumilip siya at nakita ang pigura ng isang babae. Nakatalikod ito, tumitingin ng keychain, may suot na jacket. Hula niya agad, magnanakaw. Sa tagal niya sa tindahan, kilatis na niya ang mga taong namimitik. Isa sa modus ng mga ito, papasok nang naka-jacket dahil madaling itago ang nanakaw sa

ganoong damit. Ang palatandaan, mainit ang panahon pero doble ang damit. Bukod doon, may sunglasses din kahit nasa loob.

Pumuwesto siya sa likod ng kaha at nanood sa monitor ng CCTV camera. Mukhang sosyal ang bagong dating pero ilang ulit na siyang nakaengkuwentro ng sosyal na magnanakaw. Magdadamit-yagit ba ang ayaw mapaghinalaan? Siyempre, poporma na parang kayang bilhin ang tindahan para hindi halata.

Pumasok ang babae sa aisle. Bumaba ang kamay nito sa inaayos niyang display kanina, saka nagtungo sa bulsa ang kamay. Alerto na siya at agad na lumapit. Tiningnan niya ang kakasalansan lang na pasalubong. Iba

na ang ayos ng cashew nuts at dried mangoes.

"Miss..." aniya at natigilan dahil napakaganda ng babae. Mukha itong diyosa. Pamilyar ang mukha nito pero hindi niya matukoy kung saan niya nakita. O baka dahil mukhang artista kaya naikonekta niya sa kung sino. Dahil kung ganito kaganda, siguradong hindi niya malilimutan.

"Yes?" anang babae.

Gusto niyang makita ang mga mata nito, malaman kung kasingganda ang mga iyon ng kabuuan ng mukha nito. Parang naaaninag niya ang mga iyon nang bahagya.

"Ano pong hanap nila?" sabi niya na lang, kahit bahagyang napatingin sa bulsa ng jacket nito. May umbok doon.

Gusto niyang mapangiwi. Por que ba maganda ang babae, hindi na niya kukunin ang ninakaw na items?

“No, it’s okay. Tumitingin lang ako,” sagot nito, kinuha ang isang pack ng sosyal na shingaling para basahin ang label.

Hindi mapalampas ni Dakila ang pagnanakaw, pero parang siya ang nahiya. Magkano lang naman ang kasuy at dried mangoes. Wala pang apat na daan. Hahayaan na lang siguro niya.

*Talaga? Ganyan ba talaga kapag maganda, kayang magnakaw nang hindi man lang napaparusahan? Pero kapag pangit, tatawag ka pa ng barangay. Kapag maganda, ikaw pa ang nahihiyang kunin ang item na binulsa. Ayos. Ipagpatuloy mo ‘yan.*

"Ah, miss, puwede ko bang makita ang laman ng bulsa mo?" nasabi tuloy niya.

# *Chapter 3*

Agad tumingin ang babaeng maganda kay Dakila.

"Excuse me?" anito, nakataas ang magkabilang kilay.

Napalunok siya, gustong magsisi sa naging desisyon. Pero bakit? Eh, ano kung maganda, kung magnanakaw naman?

Tumikhim siya, pinaalala sa sarili na mayroon siyang sense of justice bilang ang mga ninuno niya ay bayani ng bayan. "Pasensiya na. Nakita ko kasi sa

CCTV na may pinasok ka sa bulsa mo."

"Excuse me?!" ulit nito, hinubad ang sunglasses, nanlalaki ang mga mata.

Pucha, diyosa talaga. Sobrang ganda. Sariwang-sariwa ang mukha, halatang hindi nagre-rejuv, malamang mamahalin ang panlagay sa balat. Kahit parang medyo mugto ang mga mata, maganda pa rin at elegante ang hitsura. Wala itong makeup, mamula-mula ang mga pisngi.

"Kako kung puwedeng makita ang laman ng bulsa mo," napapangiwing sabi niya.

"How dare you!" Tumaas ang tinig nito. "Fine!" Ipinasok nito ang kamay sa bulsa at inilabas ang laman at lining niyon. Isang nakakumpol na panyo at phone ang naroon at wala nang iba.

"'Happy now?"

May nagsasabi sa kanyang manahimik na pero nanaig ang isang bahagi ng isip niya.

"Baka nasa likod mo o natatakpan. Puwede bang hintayin mo ang tindera? Pakakapkapan lang kita para sigurado."

"How dare you!" Numipis ang tinig nito sa labis na pagkabigla. "Ano ang ninakaw ko, aber?!"

Napangiwi na siya, sabay tingin sa estante. "Hindi ako sigurado, pero malamang kasuy, dried mangoes, saka... mukhang kumuha ka rin ng lengua de gato."

Literal itong napasinghap. "Tiningnan ko lang, hindi ko kinuha!"

Nagmamadali nitong hinubad ang coat at initsa sa kanya. Tumama iyon sa

kanyang mukha. Ang bango. Nagawa niya iyong hawakan. Itinaas ng babae ang puting blouse nito hanggang sa ilalim ng bra, saka umikot para ipakita ang likod sa kanya.

"Happy now, asshole?!" tanong nito, saka hinablot ang coat at isinabit sa braso.

Magkakasunod ang naging paglunok niya matapos matulala. Parang kulang dahil hindi tinodo at pinakita ang dibdib. Sa totoo, sa bra nagsisiksik ng nakaw ang mga babae. Pero sa puntong iyon, dalawa ang sigurado niya—hindi ito magnanakaw, at may pagkamanyak siya dahil para siyang nabitin sa pinakita nito. Napakaganda. Nakakalunod. Nandoon na rin naman, bakit hindi pa sinagad?

Gusto niyang lumubog sa kinatatayuan sa biglang pagkapahiya, dama ang init sa buong mukha, pero nasindak din sa babae—ewan kung sa ganda ba o sa tapang.

Mali ang nakita niya sa camera. Siguro may pinasok lang ito sa bulsa. Siguro din, tiningnan nito ang salansan niya at hindi naibalik sa dati ang pagkakaayos. Nasanay siya sa mga magnanakaw na naka-jacket kaya iyon ang una niyang naisip. Kahapon lang, may tandem na estudyanteng pinagtripan ang mga flavored popcorn. Dalawa ang napitik kaya alerto siya ngayon.

"Sorry, miss. Pasensiya ka na kasi ilang ulit nang nangyayari," aniya, napahagod sa ulo.

“You think I can’t afford…” Tiningnan nito ang presyo ng kasuy, dried mangoes, at lengua. “Six hundred pesos?! Give me your entire inventory!”

“Naku, pasensiya na. Hindi mo kailangang ubusin ang paninda. Nagkamali lang ako. Pasensiya ka na. Please, kumuha ka, bayad-danyos ko sa ‘yo. Kahit ano dito sa shop, libre na.”

Bumuga ito, halatang frustrated, saka sumulyap sa labas ng tindahan, saka tumingin sa relo, bumuntong-hininga. “I’m gonna go.”

“Sorry talaga. Kung may magagawa ako para—”

“It’s fine.”

Nanliit si Daki. “Kung gusto mo, T-shirt. Kahit ano, okay lang. Pasalubong din sa pamilya. May buko pie din kami,

kadarating lang. Masarap."

"No, thanks."

"Kaibigan? Puwede ako." Gusto niyang mapangiwi sa kakornihan.

Tumirik ang mga mata ng babae, parang hindi natuwa. Naiintindihan naman ni Daki. Kahit sino naman siguro ang pagbintangan na magnanakaw, mapipikon din. Siguro naisip nitong ang kapal ng mukha niya. Nang mapasulyap siya sa labas, napansin niyang luxury SUV ang sasakyan nito. Ano nga naman ang gagawin nito sa kanyang dried mangoes, kasuy, at lengua de gato?

Muli itong bumuntong-hininga. "I'll go."

"Kahit ano, makabawi man lang," habol niyang nakangiwi pa rin.

Bigla itong natigilan, saka pumihit. Para itong nag-iisip. Ilang sandali bago ito nagtanong, "Are you sure?"

"Oo naman. Pili ka lang."

"No, I was… No, forget it."

Bigla siyang napalapit dito. Mukhang tinamaan siya, nabighani sa diyosa. "Hindi, sabihin mo. Kahit ano."

"Kahit hindi paninda dito? Like maybe… something you need to do." Nabahiran ng pag-aalinlangan ang mukha nito.

Ngumiti siya. "Basta't hindi krimen, tingnan natin."

"Actually…" Pinagmasdan siya nito mula ulo hanggang paa. "Yes, I think you will do."

"Buti pumasa," tanging nasabi niya.

"It's just for one day." Bumuga itong

muli, parang ang laki ng problema, nag-alumpihit. Naitanong niya sa sarili kung mayroon bang hindi nakukuha sa buhay ang isang tulad nito. Parang kapag nakiusap, gagawin niya ang lahat, eh. "I need you for dinner. With my family."

Hindi iyon ang inaasahan niya dahil masyadong personal. Akala niya ay may ipapaayos sa sasakyan o kung ano, pero napukaw ang kanyang interes.

"Puwede bang itanong kung bakit?"

"I need someone who can..." Tumingin ito sa kanya, nakagat ang labi, nawalan ng kompiyansa ang mga mata. "I need someone who can... pretend to be my boyfriend."

Bigla siyang nasamid.

"Ayos," ang tanging nasabi niya nang

makabawi.

"Are you in or not?" tanong nitong may pagmamadali. Bakit? Kung hindi ba siya papayag, maghahanap ito ng iba? Na para bang alam nito kung saan makakakuha?

"Hindi ba ako mayayari diyan?" tanong niya. Gusto niyang umoo pero bilang abogado, sandamakmak palagi ang disclaimers na pina-flash ng isip niya. Maganda si Madame, pero hindi pa siya ready mag-commit, lalong hindi ready mapahamak sa halagang six hundred.

"No. You will only pretend to be my boyfriend since the real one decided he would much rather sleep with my protégé two nights before the scheduled family introduction."

Muli siyang nasamid. "Ibig mong sabihin, hindi man lang nakita ng pamilya mo kahit picture nitong boyfriend mo? Wala ba silang Facebook?"

"It's supposed to be a reintroduction. It's complicated. We can talk about the details somewhere."

"Hindi mo ba puwedeng sabihin na lang na nag-break kayo?"

Mukhang napikon ang babae. "Are you in or not? Make a decision. I don't have all day."

Nagkibit siya ng balikat. "Basta't hindi ako mabubugbog o mapapatay, sige lang. Baka mamaya, heneral pala ang tatay mo. Lagot na ako."

"Oh, trust me, my mother is much worse than a general. You will have the

worst time of your life. Can you handle it?"

HALOS HINDI makakapaniwala si Dominique sa ginawa. She just asked a complete stranger to be her boyfriend for dinner tomorrow night.

Siguro nabaliw na siya sa mga pangyayari. At maano ba ang isa pang kabaliwan para sagad na? Anyway, it was going to be for just one night. Hindi lang niya kayang tanggapin ang mga salita ng mommy niya sa ngayon. She was still hurt. She was grieving. She couldn't handle her mother telling her it was all her fault. Ayaw niyang magpaliwanag, ayaw niyang magkuwento.

Salamat at hindi alam ng mga ito na

nagkabalikan sila ni Antonio. Ang sinabi lang niya sa kapatid, tungkol sa love life niya ang announcement. Hindi rin naman alam ng kapatid niya ang tungkol sa kanila ni Antonio dahil hindi niya sinabi, pero hula niya may alam ito. Tinawagan niya ang babae, nagtanong kung nasabi na ba nito sa parents nila na tungkol sa love life niya ang announcement. Ang sabi nito ay oo dahil kilala nito ang mommy nila, gagawing big deal kung hindi binalaan. Iyon mismo ang dahilan kung bakit pinauna na niya. Thank God she didn't say she got engaged.

Maaga siyang nagising, planong puntahan ang isang kaibigang doktor sa Tagaytay para manghiram ng lalaking doktor—temporary boyfriend.

It was a spur-of-the-moment idea, pure insanity. But she needed to get through dinner and wait. After two months, she would tell her mother that it didn't last. At least after two months, she would be in a better place. Hindi ganitong ni hindi niya magawang makapag-isip nang maayos.

"Subukan natin, Madame," anang one-day pretend boyfriend niya.

He was cute. Very attractive, actually. Hindi lang pansinin agad siguro. Ordinaryo ang suot nito, dark blue T-shirt at jeans. Clean-shaven, pero balbon siguro kaya may anino ng facial hair. He was heavier than average, broad, like someone who used to be shredded but stopped going to the gym and ate a few doughnuts. Matangkad

itong lalaki, siguro ay aabot ng six feet. He had a playful look on his face. Mukha itong palabiro. His jawline was striking. His eyes were deep-set, framed by thick brows. Kayumanggi ang balat nito. He was very masculine, except for the long lashes. Guwapo, lalo na kapag pinagmasdang maigi.

*God, I don't even know who this guy is. Baka tindero dahil nagsasalansan. But he's too... big to be one*. Parang mas bagay ito sa mas pisikal na gawain. He looked so strong and solid.

"You just need to know some basic things about me. Maaga pa naman at mukhang wala kang masyadong ginagawa. Do you work here?"

Tumango ito. Tindero nga. Well, they needed to keep that a secret. Ang

madalas sabihin ng mommy niya ay hindi raw ito marunong mangmaliit ng tao, pero bata pa man siya, sinasabi na nitong hindi sila puwedeng mag-uwi ng lalaking hindi sila kayang bigyan ng magandang buhay. Kapag nalaman nitong tindero ang ipinalit niya kay Antonio, sisingaw sa pores nito ang pagkamatapobre.

"What's your name?" tanong niya.

"Dakila. Ikaw?"

Ayaw man ay napangiti siya dahil hindi inasahan ang pangalang iyon. It suited him. It felt distinctly Filipino, like his skin, though his facial features leaned more Mediterranean.

"Dominique. Friends and family call me Nikki."

"Artista ka ba?"

Napatawa siya nang bahagya kahit na-conscious. “No. But you’ve probably seen me on screen. You don’t recognize me at all?”

“Alam mo, parang kilala nga kita pero hindi ko maisip. News anchor?”

“No. I’m Ms. Monique. Have you heard of Ms. Monique and Mommy Marge—”

“Hindi nga?!” bulalas nito, saka napatitig sa kanya.

Sanay na siya sa ganoong reaksiyon dahil malayo ang totoo niyang hitsura sa on-screen personality niya. At dahil sinadya siyang patandain para hindi mawala ang mommy image ng kanyang ina, walang mag-aakala na thirty-three pa lang siya. Everyone thought she was at least forty-five—when she started

over ten years ago. Iyon kasi ang mismong branding ng Mommy Marge—isang inang wise, homemaker na alam ang lahat sa tahanan. Who would trust a twenty-one-year-old girl? So they made her look over forty.

"Dapat nating kasuhan ang nagme-make up sa 'yo at nag-aayos ng buhok mo," komento ng lalaki, nakatitig pa rin sa kanya.

Napahagikgik tuloy siya. "Yeah, well, that was my mother's idea, and it stuck."

"Ilang taon ka na?" tanong nito. Sabi ng mommy niya, bawal daw iyong itanong sa babae pero mukhang bahagi pa rin ng pagkagulat ng lalaki ang tanong dahil pinatanda nga siya sa screen. She didn't mind at all.

“Thirty-three. You?”

“Thirty-seven. Napakaganda mo.”

She gasped. Bigla siyang nailang, lalo na at titig na titig ito sa kanya. Pero hindi sa paraang nakakatakot o creepy. He seemed genuinely stunned and pleasantly surprised. His compliment seemed as genuine, as pure and true. Parang ni hindi nito naisip ang sagot at nag-focus agad sa komentong maganda siya. Napakaganda. Hindi niya maunawaan kung bakit umalon ang puso niya.

“Thank you,” she said, blushing. She was not used to receiving such compliments. The raw admiration on his face was just too much. “Uhm, puwede mo bang iwan ang tindahan? Sabi mo may kasamahan kang

tindera?"

"Ah, oo. Hintayin na lang natin, ma'am."

"Call me Nikki."

Nakatingin pa rin ito sa kanya kaya nailang na siya. Nahalata siguro nito kaya biglang tumingin sa counter, at sinabi, "Doon tayo. Upo ka muna. May upuan naman doon."

Sumama siya rito. Naupo siya sa likod ng counter, sa isang monobloc love seat. Doon din ito pumuwesto. Parang ang sikip dahil sa laki nito. She found his size comforting, like being in his arms would make her feel protected. Hindi lang dahil sa tangkad nito kundi parang lahat dito ay large—kamay na mas malaki pa siguro sa mukha niya, braso na parang mas mahaba sa

karaniwan, balikat na malalapad.

"Saan ang dinner, Nikki?" tanong nito.

Napalingon siya rito. She noticed his clean scent. And now, looking at his face, she noticed he had good, clear skin, too. He looked... healthy. No trace of dryness on his lips, hair naturally shiny, eyes clear.

"Sa Tagaytay," tugon niya, biglang na-conscious dahil alam niyang mugto pa ang mga mata niya. She could feel them still stinging slightly. Napaiyak siya kanina sa kotse. Hindi niya isinama si Mang Pong dahil para bang nahiya siyang malaman nito na maghahanap siya ng temporary boyfriend.

"Ibig mong sabihin, maghahapunan tayo kasama si Mommy Marge?" ani

Dakila, ngiting-ngiti.

“Yeah.” Hindi niya sinadya ang kawalan ng entusyasmo. Was she a bad daughter for not looking forward to dinner with the famous personality? Nakikinita na niya ang pagtaas ng kilay niyon kay Dakila. “Wait, do you have social media? Naka-public ba? I’m pretty sure she will search for you and...” Dinukot niya ang phone sa coat na nakasampay sa braso.

Hindi naman siguro ito makikita pa ng kanyang pamilya bukod sa gabi ng dinner. As planned, she would tell her family that she broke up with him in a month or two. Sa mga susunod na buwan na hindi niya pa sasabihin sa mommy niya na single na ulit siya, siguradong hahanapin nito ang social

media ni Dakila. At iyon ang kailangan nilang ayusin. Baka mamaya sa Facebook pala ay “sa puso mo” ito nagtatrabaho, siguradong makukulili ang tainga niya sa ina.

“What’s your surname?” tanong niya sa lalaki.

“Almeda.” Ngumiti ito nang bahagya.

Agad niya itong hinanap sa IG. Nakita niya agad dahil isa lang ang Dakila Almeda. May picture din ito doon. Private ang profile nito. Good. “This is it, right?”

Tumango ito. Agad naman siyang naghanap sa ibang platforms. Pribadong lahat. Kahit sa Facebook. Gayunman, makikita itong naka-tag o binanggit sa madaming posts.

*Napakadaming posts*. Tumaas ang isang kilay niya. Laksa-laksa ang activities ng lalaki, karaniwan ay pangbayan—marathon for a cause at iba pang donation drives, tree planting, meeting ng samahan ng magsasaka, cleaning drive, oplan antirabies, sumama pa pati sa pagtutuli ng bata.

"Ikaw ba itong tina-tag? I think so. May picture ka, eh." Kahit malayo ang kuha, hindi puwedeng hindi makita ang lalaki. Para itong tropa ng bayan. Lahat na yata sinalihan nito. Sandamakmak ang pictures na kasama nito ang mga unipormadong barangay o town officials. Madami din itong larawan na nasa iba't ibang sports at activities—basketball, boxing gym, marathons, tennis.

"Ba't ang dami mong ginagawa?" aniya. Bigla siyang nagduda sa pagpili kay Dakila. Kung parang sikat ito, mabilis makakagawa ng paraan ang mommy niyang alamin kung sino talaga ang lalaki. "Barangay worker ka ba? Bakit ang dami mong activities?"

Bigla itong tumawa. "Luma na ang iba diyan. Minsan, mahirap hindian kapag nag-request sila na sumali ako sa ganito-ganyan."

"But what's your job really?"

"Dito sa tindahan, saka may iba pang mga tindahan."

"Oh." Napatango siya. "So you own this shop and others?"

Tumango ito. Napatango siyang muli. "We need to talk more about you. You need to know things about me as

well.”

“Ang bilis mo naman. Baka yayain mo agad akong pakasal, Niks, ‘wag gano’n. Kakakilala pa lang natin.”

Tumirik ang mga mata niya pero natawa ring bigla. God, she was actually laughing, and it felt so good. Mukha namang magkakasundo sila ni Dakila. At least, her mother would think they had chemistry and that was perfect.

# *Chapter 4*

“‘Eto na si Dang, Niks. Tara na?”

Agad tumango si Dominique, tumayo at sumama kay Dakila matapos ipakilala sa tindera nitong natulala sa kanya. Hindi niya alam kung hindi ba nakakakita ng cute ang mga ito dahil sa mundo niya, hindi naman siya karaniwang nasasabihang maganda. Granted, she often looked like Ms. Monique, and most of the production crew were used to seeing celebrities, but still.

“Huy, ‘wag mong titigan at baka mausog,” ani Dakila sa babae.

“Ang ganda mo, Ate. Artista ka ba?”

“Naku, tsismosa ito, Niks. Saka ka na magtanong, Dang. Aalis muna kami.”

“Pakasalan mo na, Kuya. Wala ka nang makikitang ganyan.”

Biglang nag-init ang kanyang mukha kahit alam na nagbibiro lang ang babae. Pagtingin niya kay Dakila, napansin niyang namumula rin ito. Awww, he was adorable.

“‘Wag mong pansinin ‘yang si Dang, mukhang love life ‘yan. Saan mo gustong kumain? Tara,” nakangiting sabi ng lalaki, tumango sa tindera, saka siya hinintay mauna. He was a gentleman.

“Anywhere, as long as it’s secluded.

Ayokong may makarinig ng usapan," tugon niya.

Nakaramdam siya ng gutom. Huling kain niya ay sa eroplano pa. Mahirap lamnan ang sikmura kung nakita mismo ng dalawang mata niya ang protégé at boyfriend. Para iyong bangungot. Ang kapal ng mukha at lakas ng loob ng mga ito. God, the betrayal.

It felt like an insult piled on top of everything else. Antonio had used his access to her house to have sex with one of her own staff in her bed, and they'd been mocking her the whole time. Hindi niya maubos-maisip kung paanong nagawa iyon ng lalaki, sabihin pang natukso ito. Mas makapagpapatawad siya kung nagloko

ito at ginawa sa ibang lugar. Not that she would get back together with him this time, but at least she wouldn't think he was a horrible human being, just someone who made a mistake. A horrible mistake, but that did not make him the kind of man who would stab her where she lived, where she slept, where she trusted him the most. Ibang insulto ang ginawa nito. And to allow Freida to make her a part of her own kink, making her a part of his, too, made it so disgusting.

Everything about her and Antonio was a lie. At malamang, lahat ng sinabi ng lalaki sa kanya noon ay kasinungalingan lang. Naniwala siya dahil gusto niya itong patawarin, dahil kapag pinatawad niya ito, matutuwa

ang mommy niya.

She planned a whole new life because of that, so she was partly to blame for still trusting him though deep inside, she detested the fact that he thought about dating other women while they were together. Iyon ang pinalabas nito, at binigyan niya ng katwiran dahil... Dahil sawa na siya sa buhay niya. And Antonio seemed like her only way out, since she was a coward and could not just up and leave to do what she wanted.

Napalunok siya dahil kahit dumaan lang ang ideya sa isip niya ay may pagpiga iyon sa kanyang dibdib.

"May alam akong masarap na bulalohan dito. Kumakain ka ba no'n?"

"Of course."

Ilang sandali itong nakatitig sa

kanya, hanggang sa tila ma-realize iyon at mapahiya, naaalangang hinagod ang ulo. He was so freaking adorable! She had never felt so beautiful. And that was sad in a way. She was willing to marry a man who didn't even make her feel pretty.

Dakila was a million times more attractive than Antonio. Sigurado rin na kung pagtatabihin ang dalawa, walang mag-iisip na mananalo ang ex niya sa pisikal na laban. Mas matangkad lang ang taksil sa kanya ng three inches. She stood five feet and five inches. Hanggang baba lang siya ni Dakila. And this man's massive bulk made it seem like she was comparing a pickup truck to a sedan.

"Sa kotse mo o sa oto ko?" tanong

nito. “Nakakahiya ang oto ko. Ito na lang sa ‘yo.”

“Where’s your car?”

Itinuro nito ang isang lumang pickup truck na nasa kabilang kalsada, sa car wash doon.

“All right. You want me to drive?”

Bigla itong tumawa. “Ipagda-drive mo ako? Nakakahiya.”

Itinaas niya ang susi ng compact SUV. Inabot nito iyon. The brief touch of their skin made her uneasy, charged. And it seemed he felt the same way. Hindi niya maipaliwanag kung paano nangyari iyon dahil noon lang niya ito nakilala. She had never experienced anything quite like this before.

Ngiting-ngiti ito nang abutin ang kanyang kamay na para bang madalas

nito iyong gawin, hinatid siya sa passenger's side. Pinagbukas siya nito ng pinto. Sa puntong iyon, malakas na ang tibok ng kanyang puso at mainit ang buong mukha. God, what was this man doing to her?

Nagpaalalay siya rito pasakay. Princess treatment, sabi nga. Nagtungo na ito sa kabila. Bago sumakay ay kinailangan nitong i-adjust ang upuan para kumasya ito. Even then, the car seemed too small for him.

Lumingon ito sa backseat, saka ngumiti sa kanya. "Mukhang madami kang baong gamit, ma'am."

"I told you to stop calling me that." Tinirikan niya ito ng mata. "Yeah, I'm used to bringing my entire house… How tall are you anyway?"

"Six two." Pinaandar na nito ang sasakyan. "Simulan mo na ang kuwento ng talambuhay mo, Niks."

"All right. First, you need to know why I'm doing this. I'm warning you, I might cry a little."

"Sige lang." Nilingon siya nito, puno ng pang-eengganyo ang guwapong mukha.

Nagsimula na siya. "Antonio and I had been together for years. Around five years. We broke up over a year ago, but it wasn't exactly a tight relationship. Not anymore. I don't think it ever was anyway. Is that weird?"

Nakatingin ito sa kalsada nang igalaw ang ulo patango. "Medyo. Hindi mo minahal?"

"I suppose I did love him, but it

wasn't a great romance. You know what I'm saying? Kinilig din naman ako sa kanya noong una. He's my first official boyfriend, you see. I had a boyfriend before him, a secret one. I was in love with that guy. Pero saglit lang kami dahil takot na takot ako sa mommy ko at ayaw niyang magtago. Sabi niya hindi niya deserve 'yon. I agreed. And it was so painful that it took me years to recover. When I did, Antonio was there, and Mommy liked him.

"He did all the good stuff—gave me flowers, took me to nice places, gave me expensive gifts. Pero pareho kaming busy palagi. He's a businessman, and I manage the production company, plus do a few shows, and occasionally write. It's very hard work, and he said he

understood since he was also busy all the time.

“We tried to date, though, and I thought everything was all right. I made time for him, gano’n din naman siya sa akin. We tried to see each other at least once every two weeks if our schedules allowed it. We also took short breaks, had dinner with my folks and his, the usual things.

“One day my friend told me she saw him having dinner with another woman. I thought nothing of it at first. The man needed to treat his clients well, just as I did my sponsors. But my friend told me to be cautious. It started with one friend, then another. And then I saw him with the same woman, and it didn’t look like a business dinner to me.

Their faces were this close." Nilagyan niya ng kaunting puwang ang hinlalaki at hintuturo. "And he was looking at her in a way I had never seen him look at me, not in all those years. We broke up the following day."

"Dapat lang," komento nitong nakakunot ang noo na parang nairita. "Sino ba 'yon?"

Napahagikgik tuloy siya. "You might have heard of him—Antonio Claveria."

Saglit itong tila nag-isip, saka sinabi, "'Yong may-ari ng AC Logistics?"

Tumingin ito sa kanya. Tumango siya. Muli itong humarap sa kalsada, tumaas ang sulok ng labi.

"Hindi ka bagay do'n. Hindi pogi 'yon. Saka ang pangit ng serbisyo. Doon kami nagpapa-pick up ng order noon,

palaging late. Ang lakas pang makawala ng parcels."

Napatawa siya nang bahagya. "That's the one."

"Gusto ng mommy mo 'yon?"

Napatango siya. "Very much so. He came from a very good family, she said. Madaming nagsabi na bagay daw kami. Match made in heaven. If only they knew, right? When we split, Mommy didn't talk to me for months. That's one thing you should know before meeting my mother—she gets very upset when she doesn't get what she wants."

"Hindi naman siya ang makikisama," komento nito.

"I know, right? But that's Mom for you. And by the way, she will ask you a ton of questions about what you do.

That's very important to her. I'm sure ire-research ka rin niya kaya hinanap kita sa social media. Nahuhulaan ko nang tatanungin niya ako kung bakit ang dami mong activities."

Bigla itong tumawa. "Wala naman sigurong masama. Nahilig din kasi ako sports. Kasali ako sa liga ng basketball mula no'ng teenager ako. Nitong nagtandaan na ang tropa, niyayaya pa rin ako kaya sige lang, kahit madalas talo, kasi mga may maintenance na ang teammates ko."

Napatawa na naman siya. May paraan ang pananalita ng lalaki na nakakatawa. He had a sense of humor. Hindi lang niya sigurado kung makukuha nito doon ang kanyang ina. Kapag hindi niyon feel ang isang tao,

kahit magbiro iyon ay hindi ito ngingiti kaya ang awkward.

“All right. What else do I need to know about you? Obviously, you don’t have a girlfriend or a wife, do you?”

“Binatang-binata. Loyal ako.”

“Talaga ba?” bigla niyang nasabi.

“Masakit kang magsalita, madame,” anito bagaman magaan ang ekspresyon, nakatingin sa kalsada. “Bakit, mukha ba akong manloloko?”

“Well… Sa pagkakaalam ko kasi, ang mga lalaking ma-PR, manloloko. Like Antonio. And every man I’ve worked with who finds talking to people easy.”

“Habulin lang ako ng chicks, pero hindi ako babaero.”

Napahagikgik na naman siya. She was enjoying this interaction. Magaang

kausap ang lalaki. Parang pirmi siyang nakangiti kapag ito ang kasama niya.

"So how come you've never been married? Bakit wala kang girlfriend? When was the last time you had one?"

"May deadline ba ang pag-aasawa?" Nilingon siya nito, may ngiti sa mga mata.

Oh, god, he was getting more and more attractive. May mga taong sadyang lalong gumuguwapo kapag natititigan, at ganoon ito. Mas lumalakas ang dating at hindi lang dahil masaya itong kausap.

"For my mother, yes. I don't personally believe that's the case. So when was your last relationship?"

"Mga limang taon na rin."

"Reason ng breakup?" usisa niya

kahit hindi naman mapapag-usapan iyon sa dinner. She was now genuinely curious about this man.

“Tulad din ng ginawa sa ‘yo ang ginawa sa akin, pero hindi ko nahuli dahil nasa ibang bansa siya. Inamin lang sa akin. ‘Tapos nakita ko sa social media, buntis na pala. Tatlong buwan. Nag-unfollow na ako mula noon, pero hindi ko naman *binlock*. Baka sabihin kasi bitter ako. Pero ayoko na siyang makita mula noon.”

“I’m very sorry to hear,” aniya. Hula niya, OFW ang ex nito. Karaniwang kuwento ang ganoon. “Bakit nga kaya nagloloko sila kapag napapalayo? Sa akin naman, ang katwiran niya noon, nagkakalayo kami emotionally kasi bihira kaming magkita. I don’t get it.

Naiintindihan kong kailangan ng tao ng companionship pero kung lungkot na lungkot ka na pala, kung hindi nabibigay ng partner mo ang gusto mo, then break up with them."

"Kaya nga, eh," sang-ayon ng lalaki. "Minsan, maiisip mo na lang na gusto siguro nilang makuha lahat. Sabi, hindi daw normal na isang tao lang ang maging partner mo sa habang panahon kaya madami ngayong polyamorous na. Ang akin naman, isa nga lang ang hirap na, paano pa ang madami? Isipin mo 'yon, sama-sama kayo?"

Natawa na naman siya, lalo na at natawa rin ito.

"I agree though," segunda niya. "I can't stand one Antonio sometimes, can you imagine having two of those in your

life? 'Tapos kukuha rin siya ng sa kanya? Imagine the mess."

"Bakit parang hindi mo naman gusto 'yang boyfriend mo?" tanong nitong nakakunot ang noo nang bahagya siyang sulyapan, saka muling tumutok sa kalsada.

"Aside from the fact that I gave him another chance and then saw him doing another woman in my bed last night?"

"Ouch." Napangiwi ito. "Sa kama mo mismo?"

"Yes! And he doesn't even live there! Binigyan ko lang siya ng kombinasyon dahil minsan nauuna siya sa akin kapag may dinner o kung dadalaw siya. I also know the girl—someone I was training to be one of my executive producers... And they were talking about me."

“O, nagawa pang mag-usap habang...?”

“Dirty talk. She was asking if she was better, and he said yes without second thoughts—and as a cherry on top—told her I was cold.”

Burado na ang ngiti nito sa puntong iyon. “Napakagago naman niyan.”

“I know.” Hindi na niya sinabi rito ang mga salita ni Antonio na tumimo sa isip niya—na hindi siya in love dito at iba ang dahilan ng kanilang pagpapakasal. Iyon din mismo ang napansin ni Dakila kahit noon lang niya ito nakilala. Maybe it was true. At totoo rin naman ang sinabi ni Antonio na may makukuha siya sa kasal nila, pero hindi ibig sabihin ay okay na sa kanya na may iba itong babae, na ginawa nito ang

ganoon sa kanya. Sira ba ang ulo nito?

Inihimpil ni Dakila ang sasakyan sa tapat ng isang restaurant mayamaya.

"Mahaba-habang kuwentuhan ito, Niks. Kailangan natin ng masarap na tanghalian. Beer na rin kung gusto mo."

Napangiti siya. She was glad she met Dakila. May nadama siyang seguridad sa presensiya nito. Like he would protect her. Plus, he really was gorgeous. At least her mother couldn't fault him in that.

# *Chapter 5*

“Anyway, like I said, we broke up that first time, and then he came back after a few months, saying he missed me. We had a long talk. He said he never cheated on me—technically. He confessed he was thinking about it, but we broke up before he had a relationship with the woman. So technically he didn’t cheat since we were already broken up. And I chose to believe him,” kuwento ni Dominique habang hinihintay nila ang order.

Naghintay siya ng isang judgy comment mula kay Dakila pero hindi iyon dumating. Walang sinabi ang lalaki na tanga siya, na ang bilis niyang maniwala, o anumang katulad na bagay. All he said was, "Minsan mahirap intindihin ang ibang tao kung bakit nagagawa nila ang gano'n sa mga sinasabi nilang taong mahal nila."

"God, I don't even remember the last time I told him I loved him. And his 'I love yous' had become part of the closing remark in every phone conversation. I don't think he even meant it.

"I always thought we were just too busy. That after the wedding, things would get better and we'd settle down. And I'd have more time, and I'd be

happier quitting the shows. So I accepted his proposal and we set a date last month. Kaya ko siya ipapakilala ulit kay Mommy. Kasi nga noong nag-break kami, feeling ni Mommy kasalanan ko kaya hindi ako kinausap. So noong nagkabalikan kami ni Antonio, naisip kong 'wag na lang munang sabihin."

"Ang lupit pala ni Mommy Marge," komento ulit ng lalaki, sabay subo ng kropeck appetizer.

Napahagikgik na naman siya. It was so refreshing to hear someone say the honest truth about her mother. Sanay siya sa mga taong hindi maubos-ubos ang papuri sa mommy niya.

"She's very... strict, I suppose," aniya, saka nagpatuloy. "No'ng may wedding date na kami, saka ko lang sinabi sa ate

ko na ipauna kay Mommy na tungkol sa love life ko ang ia-announce ko. I'm so glad I didn't tell anyone about the proposal. So ngayon, ine-expect nilang lahat sa bahay na tungkol sa love life ko ang announcement. That's why I need you. I just can't handle Mommy right now. I'm pretty sure she would ask me a hundred questions. It would be a very long conversation, if you could even call it one. She would probably just tell me off." Napatingin siya rito, sabay tanong, "Am I horrible for lying to my own mother?"

Agad itong umiling. "Noong nabubuhay pa ang parents ko, ang bilin lang sa akin, 'wag akong mambubuntis. Pero kung sakali daw, 'wag kong itatago. Suwerte ako sa magulang. Pero

naiintindihan kita. Alam kong hindi lahat ng tao, may magulang na tulad ng sa akin."

Noon dumating ang order nila. Hindi niya maiwasang obserbahan ang lalaki habang inaasikaso nito ang mga pagkain. Naisip niyang siguro ay mabait ang mga magulang nito dahil repleksiyon ito ng mga iyon. He must have had a wonderful childhood. She could imagine him playing outdoors with other kids, dirty and happy. Malayo iyon sa pagpapalaki ng mommy niya na kailangang palagi silang malinis kaya bawal pawisan. Bawal ang habulan, patintero, at iba pang mga larong nakikita lang niya sa mga kaklase. Kahit sosyal ang school nila, naglalaro pa rin ang mga bata ng

ganoon, pero hindi sila puwedeng mag-participate ng ate niya.

Dakila was probably very popular with his peers.

She loved looking at his face. He could be a model if he weren't too… masculine. The man was also the blue-jeans kind of guy. Baka ipagtaka ng mommy niya iyon. She had always liked men in suits, Mr. Corporate. She had a certain attraction to that type. Ang sabi nga ng isa niyang kaibigan ay hindi naman daw siya babagay sa hindi ganoon. Mahirap daw siyang makitang ang boyfriend o romantic interest ay isang lalaking hindi white-collar ang trabaho; siguro dahil sa kabila ng pagiging homemaker image niya, lumaki siya sa siyudad. She was a career

woman. But she would do everything to leave that company. The only problem was, her mother built it, so she needed a good escape plan. But it was gone now.

“Kain na, Niks,” nakangiting baling sa kanya ni Dakila.

Agad siyang tumango, salamat at hindi siya nito nahuling nakatingin dito.

Bulalo, crispy tawilis, halabos na hipon, inihaw na tuna belly, lato, sarisaring gulay, sawsawan. Muling kumalam ang tiyan niya. Nilagyan nito ng kanin ang kanyang pinggan. Awww, he was thoughtful, too.

“Thank you.” Sinandukan niya ito ng sabaw sa mangkok. “So, tell me more about you. Bakit sikat ka sa bayan?”

“Hindi ko nga rin minsan alam, eh.”

Tumawa ito, saka sumubo. "Nakasanayan na lang din siguro. Kung minsan, tatawagan ako at nakakahiyang tumanggi. Si Tatay noon, nilalapitan ng mga politiko 'yan. Kung hindi lang busy sa aming magkakapatid no'ng araw—lima kasi kami, siguro tumakbo na rin. Kahit ako, inaawitang tumakbo raw. Hindi na lang kasi hindi naman ako magnanakaw kaya abonado lang ako sa lahat."

"Nasaan ang mga kapatid mo?" tanong niya, nagbalat ng hipon at wala sa loob na nilagay iyon sa pinggan nito.

"Salamat." Ngumiti ito. She wondered how he could take her breath away like that. "Ako ang bunsong lalaki. Sumunod sa akin, dalawang babae, nagsipag-asawa ng mga foreigner. Nasa

London ‘yong isa, ‘yong isa naman nasa Canada. Si Kuya, may bahay diyan sa Ilaya. Nandiyan ang anak. Madalas ‘yon lumuwas noon kasi may negosyo sila doon na inaasikaso no’ng isa ko pang kapatid. Kaso hindi maiwan ang anak nang matagal. Walang mapagkatiwalaang yaya.”

“He’s not married?”

“Dati. Ewan ko kung bumaba na ang annulment o divorce. Malihim, hindi nagkukuwento. Umalis ang asawa. Pinay-Portuguese. Hindi ako nagtatanong pero sa pagkakaalam ko, hindi gusto ang buhay sa Pinas.” Humigop ito ng sabaw. “Masarap. Subukan mo, Niks.”

Nakangiti siyang tumango, saka humigop nga rin. Kasing-init ng sabaw

ang hatid na ginhawa ni Dakila sa kanya. It was like talking to a friend. At kailangang-kailangan niya ng makakausap.

“So bakit Dakila ang pangalan mo?” bigla niyang naitanong.

Ngiting-ngiti itong nagpaliwanag. “Kuya ko, Lakan ang pangalan. Sinundan ni Kuya Magtanggol. ‘Yong dalawang bunso, sina Lakambini at Dalisay. Makabayan ang tatay ko, eh. Si Nanay naman, dating teacher na lumipat dito para magtayo ng bookstore. Sa maniwala ka’t sa hindi, naglakas-loob ang nanay kong magtayo ng bookstore dito sa bayan—doon sa puwesto ko. Noong unang panahon, halos walang dumadaan do’n. Naaalala ko noong bata ako, prutasan sa tabing-

kalsada lang ang meron sa area na ‘yon. Pero kalsada pa-Tagaytay, bukod sa madaming kumbento at seminaryo diyan kaya kailangan din ng theology books.”

Naintindihan niya bigla kung bakit matindi ang nadarama niya para sa lalaki kahit kanina lang ito nakilala. Kahit nagkainitan sila sa simula, saglit lang ay nagbaba ito ng loob, humingi ng pasensiya. Sa mundo niyang puno ng ego, bihira iyong mangyari. He also seemed like the kind of person one wanted to be friends with. She adored his simplicity, how easygoing he seemed to be. There was no urgency in him, nothing restless or impatient in his gestures. That drew her to him. Ito ang representasyon ng gusto niyang

mangyari sa sarili. But more than that was his masculine appeal, the kind that settled under her skin and made her wonder how his calm would feel pressed close to her, how that quiet confidence would translate when they were alone in private.

*Maria Dominique!* awat niya sa sarili. Bakit napunta doon ang isip niya? Maybe it was the movement of his fresh lips, so healthy and… Bahagya niyang ipinilig ang ulo. Hindi niya dapat isipin ang ganoon ngayon.

"Matagal na pala ang bookstore. Ngayon ko lang napansin. But then again, it's been so long since I last passed by that road," sabi niya na lang.

"Dinadayo 'yon noon, pero noong unang dalawang taon daw, hindi

masyado. Lugi. Masigasig lang si Nanay dahil wala rin naman siyang choice. Ayaw niya sa Manila, kahit Sabado-Linggo lang umuuwi dito si Tatay dahil nasa Maynila ang trabaho. Pero umuwi rin siya dito paglaon. Hindi maiwan nang matagal si Nanay, pero parang limang taon na rin si Dalisay no'ng dumito na siya. Salamat." Ngiting-ngiti ito nang muli niyang lagyan ng nabalatang hipon ang pinggan nito.

She licked her fingers, something her mom would absolutely hate, and asked, "Your parents seem wonderful."

Tumango ito. "Lahat ng nakakakilala, iyon ang sabi. Noong nawala si Tatay, punong-puno ang simbahan sa bayan, sa maniwala ka't sa hindi. Mga taong hindi ko kilala, nag-

iiyakan doon. Mabait ang tatay ko. Si Nanay, halos ganoon din kadami. Active din 'yon sa community work, pero naka-focus siya sa mga kabataan. Teacher nga kasi noon. Kaya namana ko rin 'yong sama nang sama kahit saan. Mahirap ding tumanggi dahil siyempre, alam ng lahat na tatay ko si Blas Almeda. Ikaw?"

"Halos lahat din ng tao, iniisip na pareho kami ni Mommy. But she passed her brand to me without asking me if I wanted to do the job for the rest of my life. I was too young to decide then. Not that I'm complaining about all the things that I've gotten from it because it pays good money—money I wouldn't get working corporate. But I'm a slave to it. And I have to be someone else

almost every single day. And she expects me to do that for the rest of my life because it's her legacy. Siguro, 'yon ang pagkakaiba natin. You seem to be enjoying it; it's not a job. Mine is."

Tumango ito. "Ano pa kaya ang itatanong sa akin ng mommy mo?"

"First thing she will ask is your job. Then your educational background. She will find ways to ask how much money you make. Politely, of course. I'm so sorry. Is this favor a bit much to ask?"

"Lakas mo sa 'kin. Panis." Ngumiti ito, saka nagpatuloy. "Dito ako sa bayan nag-aral hanggang high school. Maganda naman ang private school dito. Lahat kami doon nagtapos. Nag-college ako sa La Salle Dasma, Business Administration. May mga tindahan

ako, mga negosyo. Ayos naman ang kita. Kaya naman kitang buhayin kahit paano."

Napahagikgik na naman siya. He was just so freaking adorable! Wala siyang duda na kaya siya nitong buhayin. He was middle-class. Hindi ito makakapag-aral sa La Salle kung hindi. Sa totoo lang, hindi siya naghahanap ng isang lalaking higit pa doon, pero iba ang mommy niya. Kaya nga nito nagustuhan si Antonio ay dahil mayaman ang lalaki, maging ang pamilya nito. But Dakila would do.

Ang unang plano sana niya ay magsisinungaling sila, palalabasing kayang tapatan ng bago niya si Antonio pagdating sa social at financial status. Pero naisip niyang wala siyang gustong

baguhin sa guwapong estranghero. He was perfect just the way he was. Isa pa, masyadong madaming posts online para gumawa ng bagong persona ang lalaki, mas makakasira lang iyon sa plano.

“Saan tayo nagkakilala?” tanong nito.

“Oh, right. Ikaw? Ano sa tingin mo?” Kumuha pa siya ng kanin, saka inalok ang lalaki.

Pero tumanggi na ito, sabay haplos sa tiyan. It wasn’t flat but it wasn’t exactly big either. “Okay na ako, Niks. Medyo lumalaki ako sa rice. Sayang, hindi mo ako nakita no’ng mas macho ako. Na-in love ka sana agad sa akin.”

Ang lakas ng tawa niya. “You look attractive as is, Dakila.”

“Uy, salamat. Pero nagbabalik-alindog ako. Ito na lang protein.” Pumiraso ito ng isda, saka nilagyan ang plato niya. “Saan ba tayo puwedeng magkita? Sa’n ka ba naglalagi?”

“‘Yon ang magiging problema dahil may routine ako at alam niya ‘yon. Siguro puwede nating sabihin na nagkakilala tayo sa grocery. Na bumibisita ka that time sa kapatid mo, tumitingin ka ng pasalubong. Ako naman nag-grocery run. We can say we met around four months ago. Ayokong sabihing matagal na tayong magkakilala dahil magbe-break din tayo in two months. I suppose I’ll be ready to explain then. Dahil hindi pa tayo matagal, hindi na siguro siya mag-uusisa. Life goes on.”

Pinag-usapan nila ang maliliit na detalye ng pekeng pagkikita sa grocery.

"Anong dinner ba 'yan? Kailangan ko bang mag-formal o okay na kahit polo shirt?" anito.

"I suppose a button-down shirt with a coat will be all right."

"Bigla akong kinabahan. Ikaw na lang kaya ang magdamit sa akin?"

"Sure." Biglang sumasal ang kanyang dibdib, kasabay ng pag-iinit ng kanyang mukha. Bakit ganoon ang dating ng sinabi nito sa kanya? So she would get to see his house? That was exciting! "It's really best if I can choose from your wardrobe. Kung wala tayong makita, malapit lang naman ang mall."

Nasamid ang lalaki. "May mga pamburol naman ako sa bahay."

Ang lakas ng tawa niya. Wala siyang kaibigan na tulad ng lalaking ito. Most of her friends were funny in a less masa way. The man was refreshing.

"Kain pa," anang lalaki.

Pinagbigyan niya ang sarili. She had been on a diet forever. Umorder ng dessert si Dakila, leche flan at buko pandan. Nagpatuloy sila sa pagkukuwentuhan tungkol sa buhay nila. They were so different yet what happened to them was almost identical. Planado na rin pala nito ang buhay kasama ang ex nang makipaghiwalay iyon dito.

It felt strange revealing so much to a stranger, and hearing about his personal details, but at the same time, it felt like she had known him all her life.

Ang gaan-gaan ng pakiramdam niya sa lalaking ito, at siya ang tipo ng taong matagal maging komportable sa iba. She was always guarded, always careful what to say. What a breath of fresh air Dakila was—from his name, to his face, his bulk, his scent.

“Saan ang bahay ng mommy mo?” tanong nito habang naglalakad sila pabalik sa sasakyan. Halos hindi niya namalayang apat na oras silang nag-usap. Alas-kuwatro na ng hapon.

“Diyan na siya nag-stay sa Alfonso, malapit sa Tagaytay.”

“Paano’ng setup mo niyan? Sabi mo, nasa Rockwell ang condo mo,” tanong ng lalaki.

“Plano ko sanang mag-book ng hotel. Then, tomorrow susunduin kita.”

"Nakakataba naman ng puso na susunduin pa ako ng manliligaw ko."

Hagikgik na may kasamang mahinang tampal ang naisukli niya rito. Hinuli nito ang kanyang kamay at hindi na pinawalan hanggang sa makarating sila sa sasakyan. Sumakay na siya nang pagbuksan nito ng pinto. Itinukod nito ang mga palad sa pagitan niya sa front seat.

"Sa bahay ka na matulog."

"But I just met you," she teased.

"Hindi ko isusuko ang puri ko, kung 'yan ang inaalala mo. At kung sakali mang bumigay ako, kailangan mo akong panagutan."

Muli siyang napahagikgik. He was so funny! Tumingin siya sa mukha nito. This was probably her bravest risk. She

nodded. “All right.”

PREVIEW

# What if We Start Over?

VANESSA

# *Chapter 1*

Isang mahinang katok ang nagpaungol kay Carmencita. Sinundan iyon ng, "Cita? Alas-siyete na. Eight ka daw susunduin ng mommy mo."

"Sige po, Ma," tugon niya kahit labag sa loob.

Bumangon na rin siya at naligo. Binitbit niya ang overnight bag at bumaba, diretso sa komedor para mag-almusal. Naabutan pa niyang naghuhugas ng pinggan si Mama Nene, stepmother niya. Mas ina ang turing

niya dito kaysa madrasta. Mas close din sila. Walang anak ang babae sa kanyang ama kahit matagal nang kasal ang mga ito. Kahawig ito ni Nova Villa.

Hindi kasal ang kanyang ama sa mommy niya kahit nagsama ang dalawa. Three years old siya nang maghiwalay ang mga ito. Nag-abroad ang mommy niya at nag-asawa ng Amerikano. Makaraan ang isang taon, nagsama na rin ang daddy niya at si Mama Nene at kalaunan ay nagpakasal sa huwes.

Umuwi ang mommy niya sa Pilipinas may apat na taon na ang nakararaan. Hiwalay na ito sa asawa, bumili ng property sa Batangas kung saan ito lumaki. Ginawa nitong negosyo ang property. Mayroong talyer ang kapatid

nito doon, may rice mill, poultry, malaking general and wholesale store, at LPG delivery. Maingay, mainit, malangaw. Maya't mayang mayroong kaanak na nakikialam sa buhay niya kahit ni hindi niya masyadong kakilala. Kahit ganoon, kaya niya naman sanang tiisin kung hindi siya madalas ikumpara ng ina sa mga pinsan.

Halos kaedaran niya ang mga pinsan na halos lahat din ay ang mommy niya ang nagpaaral. Buti pa ang mga iyon, pinaaral nito. Siya ay inasa sa daddy niya. Okay lang, kaya naman siyang buhayin ng ama. Pero hindi siya natutuwang makisama sa ganoon karaming tao na palagi siyang pinipintasan, lalo na nang malamang ang kukunin niyang kurso ay Fine Arts.

Para lang daw sa mga Ayala de Zobel iyon. Wala raw siyang kikitain sa gusto niya. Sayang lang daw at napakamahal pa ng kurso, kailangan pa niyang mag-dorm dahil hindi siya puwedeng mag-uwian ng UP Diliman-San Isidro.

"O, ang haba ng nguso mo, umagang-umaga," nakangiting sabi ni Mama Nene habang pinupunasan ang kamay. Namamasukan ito sa Office of the District Representative, isang senior district coordinator. Doon na ito inugat, ang madalas nitong sabihin. Kahit nakailang palit na ng congressman, hindi ito napapalitan dahil hindi ito power player. Pero guguho ang organisasyon kung wala ito dahil ito ang coordinator sa barangay, LGU, NGO, at iba pa.

“Ayoko kasing pumunta do’n, Ma,” pagtatapat niya. Hindi siya nahihiyang magsabi dito ng saloobin. Mahal na mahal niya ito dahil na rin kahit kailan, hindi siya nito tinuring na iba. As far as she was concerned, this woman was her mother. Alam din niyang kilalang-kilala na siya nito at alam agad kung ano ang naiisip niya.

“Eh, wala kang magagawa at hindi naman pupuwedeng hindi mo puntahan ang mommy mo. Inaalala lang no’n kapag nagsimula ka nang mag-college. Hayaan mo na’t pabakasyon na rin naman. Saka may regalo daw sa ‘yo at graduation mo na nga next week.”

Tumango na lang siya. Inangat nito ang colander. Tapsilog ang almusal.

Kumain na rin siya habang ito naman ay inuubos ang kape sa tabi niya.

"Ilista mo nga pala ang mga bibilhin at nang malaman namin ng daddy mo."

"Bibigyan daw po ako ni Mommy ng pambili ng gamit."

"Eh, di maganda. Pero ilista mo at luluwas tayo bago magpasukan."

Tumango na lang siya. Kung tutuusin, hindi naman kailangan ni Mama Nene na tulungan ang daddy niya sa pagtataguyod sa kanya, pero ginagawa nito. Middle-class ang pamumuhay nila pero alam niyang mahihirapan ang daddy niya kung wala si Mama Nene, lalo na at once in a blue moon lang naman mag-abot ang mommy niya kahit ito ang nakakaalwan sa tatlo. Malaki ang

nakuha ng babae sa napangasawa niyong Amerikano, kaya nga nakapagpundar agad ng malaking property at mga negosyo. Pero mas pinili nitong tulungan ang mga kaanak kaysa sariling anak. Kung bakit, tanging ito lang ang makakasagot.

"Maagang umalis si Dad, Ma?" tanong niya, tumusok ng tapa.

"Oo. May titingnan daw na sasakyan."

Tumango na lang siya. Loan officer ang kanyang ama sa isang lending agency. Ang sideline nito ay mag-buy and sell ng mga sasakyang malapit nang mailit o nailit na. Alam niyang pinaghahandaan nito ang gastusin sa college niya, lalo na at may kamahalan ang dorm na nakuha nila. Maaga silang

tumingin, nang makapasa pa lang siya sa entrance exam.

Nangako naman ng tulong pinansiyal ang mommy niya pero alam niyang hindi umaasa sa ganoon ang mag-asawa. Lumaki siyang madalas na hangin lang ang pangako ng babae. Hindi niya alam kung ano talaga ang ganap niya sa buhay nito. Hindi malinaw sa kanya kung bakit sinusundo pa siya paminsan-minsan kahit hindi naman meaningful ang gagawin niya sa magulo nitong bahay na labas-masok ang mga tao. Wala silang bonding kadalasan dahil hindi naman ito naglalaan ng oras para sa kanya. Palagi itong nagmamadali, may gagawin, o isinasabay na schedule sa pagpunta niya doon. Tuloy, madalas na mga kaanak

lang nito ang kasama niya. Nonsense talaga ang pagpunta niya doon kaya hindi pa man, tinatamad na siya.

Higit sa lahat, dahil pupunta siya sa Batangas, hindi niya masasamantala ang weekend—at weekend lang niya puwedeng makita ang lalaking lihim na inii-stalk. She missed him. Sigurado din siyang kung magkakaroon sila ng mas madaming pagkakataong magkasama, maiisip nitong hintayin siya.

Dahil seventeen pa lang siya at six months pa bago ang birthday niya. That meant that he needed to keep his feelings to himself until then. She was sure he had feelings for her, but he was holding himself back. Noong una silang nagkita sa school niya, kung saan ito

naimbitahan bilang speaker sa Foundation Day, naramdaman niyang may naging moment sila. Their eyes met. He smiled, and the world seemed to stop moving.

She swore they would be together one day.

At ngayon, dahil sa Ateneo ito nag-aaral ng Law at weekend lang umuuwi, hindi tuloy niya makikita dahil kailangan niyang magpuntang Batangas. Kainis!

"'Wag ka nang magsimangot at baka lumiit ang ibibigay sa 'yo," tatawa-tawang biro ni Mama Nene.

Natawa na rin tuloy siya. "Baka imbes na dalawang tray ng double yolk, isa na lang."

Nagkatawanan sila. Palagi kasing

may pauwing double yolk eggs ang mommy niya. Nagkakausap naman ang dalawang babae, walang bitterness sa pagitan ng mga ito, lalo na at nauna namang nakahanap ng iba ang mommy niya. Hindi rin nakikialam sa patakaran ng mommy niya si Mama Nene. Napaka-peaceful nitong tao, mabait, kasundo ng lahat. Kung may makakaaway ito, siguradong iyong kaaway ang may kasalanan.

Alas-nuebe na siya nasundo ng driver ng mommy niya. May lakad daw ang babae pero makakauwi rin after lunch. Sinasabi na nga ba niya. Nag-cellphone na lang siya sa biyahe. Pagbukas niya ng isang Facebook group, nakita niya agad na nagkakagulo ang lahat sa hearthrob ng local college, si Dakila Almeda.

Palaging ang lalaking iyon ang topic ng mga ito kahit kung ikukumpara kay Lakan—ang love of her life—wala namang sinabi.

But she had to keep that to herself. Alam niyang pagtatawanan siya ng mga ito kapag sinabi niyang ang oldest Almeda ang crush niya. Bakit hindi ang bunso na pinakamalapit sa edad nila? Mas accessible din dahil hindi sa Manila nag-aaral. O kahit ang kapatid na nasa pagitan ng dalawa, si Magtanggol.

Kasalanan ba niya kung pinakaguwapo sa kanyang opinyon si Lakan? Isa pa, wala siyang interes kay Dakila dahil parang kaedaran lang nila kung kumilos. She wanted someone older.

Lakan looked like the men in the old

films Mama Nene adored. Gusto niya kapag nagsasalita ang lalaki, dignified. Matalino rin ito, kaya niyang titigan habang nagsasalita kahit ilang oras. Kahit ilang araw.

Ah, she was going to marry that man one day. She had already decided he was hers.

Binuksan niya ang Facebook group two—ang grupo ng senior girls. Sa chat na iyon hindi kasali si Dalisay aka Isay, ang bunso ng mga Almeda at kaeskuwela niya sa Saint Isidore Academy. Magkaiba sila ng section pero hindi iyon naging hadlang para ilapit niya ang sarili dito. Because of Lakan, of course. Iyon ang isa pang rason kung bakit kailangan niyang ilihim ang feelings para sa panganay ng mga

Almeda.

She could already tell that Dalisay would stay away from her if she knew. Sa mga nagkakagusto pa lang sa Kuya Dakila nito ay naiirita na ito dahil ito ang kinukulit, paano pa kapag isang kaeskuwela at kaedad ang natuklasan nitong may gusto sa panganay ng mga ito? She would think she was weird. Baka rin maisip nitong kaya lang siya nakipagkaibigan ay para mapalapit sa crush niya. That was true, but Dalisay didn't need to know that. Nagkataon namang naging magkasundo na rin sila. They were good friends. Siyempre, dapat silang maging very good friends dahil kailangan niyang tumambay sa bahay ng mga ito kapag weekends.

Sumisipsip kay Dalisay ang girls na

may crush kay Dakila. Siguro, isa sa mga dahilan kaya sila naging close recently ay dahil isa siya sa mga hindi interesado sa Kuya Daki nito. Hindi na nito kailangang malamang iba ang pinag-iinteresan niya sa pamilya.

*Off to Batangas. Anong gusto mong pasalubong*? *Double yolk eggs*? Iyon ang padala niyang message kay Dalisay, kasama ang isang smiley emoticon.

Tinawagan siya ng kaibigan. “Sana sumama na lang ako sa ‘yo. Ang boring dito sa bahay.”

“Hay naku, mas boring naman ang pupuntahan ko,” mahina niyang sabi para hindi marinig ng driver.

“At least you won’t have to spend the day making small talk with someone you dislike. Emma is gonna be here.

Kaklase ni Kuya Lakan. I'm pretty sure she has a crush on him."

Biglang napukaw ang interes niya. "Bakit ikaw ang kakausap sa kanya? How old is she?"

"I don't know. Twenty-three, I guess? I just know she likes Kuya because she keeps liking his boring status updates."

Ang totoo, noon pa sila friends ni Lakan sa social media. Inaprub ng binata ang friend request niya. Pero ang mga post nito ay kadalasang balita o civic activities, walang personal. Mahirap makilala ang lalaki base sa social media. Masasabi lang niyang updated ito sa international news at may partikular na interes sa politics.

Binalikan niya sa isip kung sino si

Emma dahil kilala niya ang mga naka-like palagi sa status ni Lakan. Wala siyang maalalang Emma pero merong Emily. Siguro iyon. Open ang profile ng babae at na-stalk na niya noon pa. Hindi naman pretty. Malalaki ang mga ngipin na parang walang katapusan, horsey. She rememberd her distinctly because of her ten million teeth.

"Does your kuya like her?" tanong niya.

"I don't know. I guess? Madalas silang magkausap kasi magkaklase sila."

Iyon ang hindi niya alam dahil hindi nakalagay sa profile ng babae. She had to admit she hadn't thought much about Emma—or Emily, because she didn't look like someone she could imagine

Lakan with.

Itatanong na sana niya sa kaibigan kung iisang tao lang sina Emma at Emily nang maawat niya ang sarili. Magiging obvious siya masyado. Dahil bakit niya saulado ang likers?

Bigla niyang gustong ipapihit ang sasakyan para bumalik at tumambay sa bahay nina Dalisay pero ano naman ang gagawin niyang excuse sa lahat? Alangan namang sabihin niyang kailangan niyang bantayan si Lakan?

Chichikahin pa sana niya ang kaibigan pero nagpaalam na ito. Napabuga na lang siya, lalo nang nainis na pa-Batangas siya. Patanghali na siya nakarating sa bahay ng ina. Tulad ng inaasahan, madaming tao pero wala ang taong ipinunta niya roon. May

lakad naman pala, pinasundo pa siya.

Hindi siya makapag-Internet dahil mahina ang signal. Masyadong malakas ang volume ng TV kaya kahit hindi siya nanonood ng Eat Bulaga, napilitan na rin siya dahil walang choice. Kahit gusto sana niyang magkulong na lang sa silid, hindi rin magandang idea dahil wala naman siyang solong kuwarto doon. Sayang daw dahil hindi naman siya doon nakatira. Kasama niya sa silid ang dalawang pinsang kinukupkop ng mommy niya. And those two disliked her.

Alas-tres ng hapon na dumating ang mommy niya. Mainit ang ulo nito, may kung sinong kaaway. Gayonman, nagkausap naman sila. Umalis ito agad, may hahabulin daw na tao. Nang wala

na siyang magawa ay napilitan siyang magtungo sa silid. Makalat doon, bukas ang aircon, nakahilata ang mga pinsan niyang tumingin lang sa kanya pero hindi man lang nagsalita.

Pumuwesto siya sa kama niyang ginawang imbakan ng gamit ng mga ito. Hindi man lang tumayo para alisin ang mga tinambak.

"Dito ko muna sa tabi ilalagay ang mga gamit," aniya.

Ni hindi lumingon ang mga itong abala sa kanya-kanyang phone at tablet. Gusto niyang sigawan ang dalawa dahil ang babastos. Kung tutuusin, siya ang anak ng may-ari ng bahay, ang mga ito ang nakikisama dapat sa kanya. Pero ganoon ang ugali ng angkan ng mommy niya. Wala siyang magawa dahil wala

naman siyang power doon.

Nang malinis na ang kama, pinalitan niya iyon ng bed sheet at punda ang mga unan. Humiga siya.

"Wala pa rin ba kayong Wi-Fi?" tanong niya dahil nag-i-Internet ang mga ito.

Biglang nagtinginan ang magkapatid, saka nagtawanan nang malakas pero hindi siya sinagot. Napikon siya.

"Naka-Wi-Fi ba kayo?" tanong niya.

"Mababa ang bandwidth, eh," ani Obeng, mas matanda sa kanya ng isang taon pero third year high school pa lang.

"Bakit hindi n'yo sinasabi sa akin na meron na pala?" Tinangka niyang magpakakalma pero nanggigil siya sa

dalawa.

"'Di mo ga narinig? Mahina nga," giit ni Melay, kapatid ni Obeng, mas bata sa kanya ng ilang buwan. "Makikihati ka pa, pagkabagal na nga."

"Ano'ng password?" giit niya, mainit na ang ulo.

"Hindi ko laan, eh. Ate, ikaw ga?" pagpapasa ni Melay.

"Hindi rin." Tonong iritado pa si Obeng na naistorbo sa pagse-cellphone. "Siya, hindi namin saulado."

Nakaramdam siya ng matinding iritasyon kaya hindi na lang muna umimik. Sinubukan niyang matulog na lang pero hindi niya magawa dahil ang lakas ng ingay ng phone ng dalawa. Hindi uso sa mga itong gumamit ng earphones. Bukod doon, natural sa mga

ito ang malakas na volume. Sigawan nang sigawan kahit magkalapit lang naman. Tatawa lang sa pinapanood, kailangan pang tumili o sumigaw.

Nang hindi makatiis ay lumabas na lang siya. Naka-lock ang kuwarto ng mommy niya kaya nagtiis siya sa sala. Doon niya napansin ang modem, nasa ilalim na shelf ng side table. Kamukha ng modem nila sa bahay. Pasimple siyang umurong ng upo sa sofa, saka pinindot nang dalawang magkasunod ang on and off button, saka umurong ulit ng upo sa sofa.

So far, walang reaksiyon ang dalawa sa silid. Ni hindi lumabas. Nakatiis maghintay ng signal ng Wi-Fi. Fine. Naghintay siya ulit, hinigit ang saksakan ng modem, saka siya

nagtungo sa banyo. Pagbalik niya, nasa sala na si Obeng, masama ang tingin sa kanya.

"Bakit mo ga pinatay?!" sita nito.

"Ang alin?" kunwaring nagtatakang tanong niya.

"Kunwari ka pa. Hindi nakasaksak! Ikaw laang naman ang nakaupo daw diyan!"

"Hindi ko alam ang sinasabi mo," aniya.

Hindi man lang nakialam ang mga tiyahin ng dalawa na nasa sala. Hindi niya alam kung bakit parang may galit ang lahat ng tao doon sa kanya. O siguro hindi lang sila close at sina Obeng ang kasama ng mga ito sa araw-araw kaya mas close ang mga ito.

"'Wag mo nang ulitin, may nire-

research si Melay," anitong tumalikod na at bumalik sa silid.

Alam niyang kalokohan ang sinasabi nitong research at gusto niyang magmaldita. Pinindot niya ang on and off button pero hindi iyon muling binuhay. Mayamaya ay bumalandra ang pinto ng silid.

"Nananadya ka na, ih!" singhal ni Obeng.

"Sorry. Napindot ko," sabi niyang nakangiti. "'Ayan, on na ulit."

"Hindi ga kayo titigil na tatlo?" saway ni Tita Bonita, pinsan ng mommy niya.

Hindi siya umimik. Si Obeng naman ay nagturo agad. "Siya ang pumatay, Tita, ih!"

"Ayaw nilang i-share ang Wi-Fi

password," katwiran niya.

"Mabagal na nga, makikihati pa siya," tugon ni Obeng, padabog, na para bang hindi mommy niya ang nagbabayad ng Internet.

"Ay nakow, 'wag na kayong magtalo't para diyan laang naman sa *waypay*. Hala, kumain muna kayo. Nagsopas ang Inay."

Kumain naman siya. Kumain din ang dalawa. Pilit silang pinagbabati ni Tita Bonita. Nang maubos nila ang sopas ay pinapasok silang tatlo sa silid.

"Kapag ako'y may narinig pang bangayan ay sadyang makakatikmi!" babala nito.

Hindi na siya umimik, hindi alam kung anong gagawin sa silid. Bakit kasi walang signal? Bakit ang damot ng

dalawa sa password? Lalo nang hindi ibibigay ng mga ito iyon ngayon. Fine.

Tahimik lang siya sa kama, habang abala ang dalawa sa gadget. Si Melay ay mukha ngang nagre-research at may tina-type sa laptop. Kinuha na lang niya ang libro sa bag at nagbasa, nakatalikod sa dalawa. Pero paano niya maipapapagpatuloy kung mayamaya ay nag-ingay na naman ang mga ito? Hanggang anong oras siya magtitiis? Alas-sais na. Bakit ba siya pinunta pa doon?

Laking gulat niya nang makaamoy ng sigarilyo. Paglingon ay nakita niya si Obeng na binubuksan ang bintana para doon bumuga.

"What the hell?" aniyang nalukot ang mukha.

“Magsusumbong ka ga?” hamon nito.

“Talaga!” aniyang bumangon pero bago siya makalabas ay hinigit siya ni Melay at sinalya sa kama.

Sa galit ay hinugot niya ang saksakan ng laptop.

“*Shet*, hindi ko pa na-save!” tili nito, saka dinaklot ang buhok niya.

# Chapter 2

"Napipilitan lang naman ang mommy mong sabihing pumunta ka dine pero wala namang may gusto sa iyo sa amin. Umuwi ka na! Bumalik ka na sa daddy mo!" singhal kay Cita ni Melay. Galit na galit ito dahil uulitin daw ang lahat ng na-type. Dapat lang naman dito. Karma.

Lumabas na siya ng silid bago pa mangamoy sigarilyo. Gusto niyang gantihan si Melay pero alam niyang hindi siya mananalo kung

pagtutulungan siya ng dalawa. Mga mukhang sanay pa namang manakit.

Busy ang mga tao sa sala. Walang balita kung anong oras darating ang mommy niya. Ni hindi ito sumasagot sa message sa kanya. Para lang masabing kinukuha siya nito sa daddy niya kaya siya pinasundo. Ilang ulit nang ganito, wala itong planong matino. Hindi man lang iniisip na kahit teenager siya, may mga kailangan din siyang gawin.

Totoo rin naman ang sinabi ni Melay na walang may gusto sa kanya sa angkan ng mga ito. Ni hindi siya kinakausap. Hindi niya alam kung bakit dahil wala naman siyang ginagawa o pinapakitang masama. Kahit kina Obeng at Melay, bukod sa araw na iyon ay maayos naman ang pakisama niya.

Pero hindi siya papayag na magpaapi kaya siya lumalaban. But they had won this time.

Hindi na lang siya nagpaalam sa kahit na sino. Wala ring nagtanong nang lumabas siya ng bahay. Hindi na lang niya tinawagan ang ama o si Mama Nene dahil siguradong kokontakin ng mga iyon ang mama niya, na siguradong pababalikin lang siya sa bahay. Gusto na niyang umuwi sa San Isidro. Bukas, puwede pa siyang dumaan sa bahay nina Dalisay. Siguradong nandoon si Lakan.

Nag-tricycle siya hanggang sa sakayan ng van. May pila naman pa-San Isidro at eksaktong papaalis na. Traffic sa daan pero at least may signal na siya. Hindi pa rin niya kinontak ang mommy

niya at hindi rin ito nagpapadala ng message, na ibig sabihin, wala pang nakakaalam na umalis na siya.

Nakatulog na rin siya sa biyahe. Pasado alas-nuebe na ng gabi nakarating sa terminal ang van. Pauwi na sana siya pero nakita sa Facebook group na may mga kaibigan siyang gigimik sa billiard hall. Naisip niyang doon na lang tawagan ang kanyang Mama Nene.

Naglalakad siya patungo roon nang may humimpil na sasakyan sa tabi niya. Hindi niya agad nakilala dahil madilim na. Dark din ang kulay ng sasakyan, tinted pa ang bintana, na nang bumaba ay agad nakapagpakabog sa kanyang dibdib.

"L-Lakan!" sambit niya. Never niya

itong kinuya. Hindi niya aalisin ang chance na maging sila, at lalo nitong maiisip na mas bata siya kung kukuyahin niya ito.

Nakangiti ang lalaki, bagaman nakakunot ang noo. “Ano’ng ginagawa mo diyan? Saan ka papunta? Past nine na, ah?”

“Galing akong Batangas, kay Mommy.” Mabilis na gumana ang isip niya. Kung sasabihin niyang papunta siya sa bilyaran, malamang na umalis na ito o itawid siya dahil hayun na ang malaking tambayan. Kung sasabihin niyang pauwi siya, may posibilidad na ihatid siya nito.

“Pauwi ka na ba?” tanong nitong hindi nawawala ang pagkakakunot ng noo. “Come, I’m gonna take you home.”

Agad siyang tumango, lalo nang parang tinambol ang puso. Pagkasakay na pagkasakay ay naamoy niya agad ang cologne nito. Pamilyar na iyon sa kanyang ilong. Fresh, clean, woodsy, masculine. Bagay na bagay dito.

"Hindi ka hinatid?" tanong nitong tila nagtataka.

"Hindi, eh. Wala naman si Mommy do'n, umalis." Hindi na lang niya nilahad ang pangyayari dahil maiisip nitong immature siya. Nakipag-away at naglayas dahil sa Wi-Fi. Kapag kinuwento niya, hindi maiisip ng lalaki na puwede rin siyang makipagkuwentuhan dito na tulad noong Emma, or Emily. Inihatid ba nito ang babae kaya hindi na magkasama ang dalawa?

Anyway, ang tinatalakay ng mga ito sa social media ay balita, social inequality issues, climate justice, history, philosophy, et cetera. Paano niya maikukuwentong nakipagpatayan siya ng Wi-Fi dahil pinagdamutan siya? Na hinigit niya sa saksakan ang laptop dahil sinaktan siya, dahilan para hindi ma-save ang kung anong high school project. Hindi pupuwede. Hindi nito puwedeng malamang hindi pa siya ganoon ka-well-read pagdating sa mga topic na gusto nito at lalong hindi niya ipapaalala na high school pa lang siya.

"At umuwi ka ng ganitong oras?" kunot-noong tanong nito.

Gusto niyang kiligin. May concern sa kanya ang lalaki. Sa totoo lang, noon pa niya nadarama na may something, pero

hindi nito tinutuloy at naiintindihan niya iyon. Madaming pagkakataon na ganoon ito sa kanya, nagtatanong, gustong malaman ang mga bagay na hindi aalamin ng isang walang interes.

Tumango siya. Hindi na rin nito kailangang malamang hindi pa alam sa kanila.

"You need to be extra careful, Carmen."

*Awww, he calls me 'Carmen.' He's the only one who does that. I think it's so that he feels special. Alam niya naman na Cita ang nickname ko pero talagang iniba niya para special siya sa akin.*

Kilig na kilig siya. It made sense. Iniisip din niyang kapag nag-eighteen na siya, pormal na itong manliligaw. Hindi siya naniniwala na iyong Emma

ang gusto nito. Mas bata man siya sa dalawa, mas maganda naman siya. In fact, sa lahat ng na-stalk niyang babaeng nagla-like sa posts ni Lakan, wala ni isang masasabi niyang mas maganda sa kanya.

She was very pretty. She knew that. Kamukha niya ang mommy niya, kahit pa nga softer ang features niya. Her mother had a classic face. "Aristoktrata" ang madalas gamiting salita. Ang mga artistang madalas ikompara dito ay iyong mga guwapa na kontrabida—Rosemarie Gil, Cher, Anjelica Huston. Matangkad ito, slender, unat na unat ang buhok, high cheekbones, deep set ang mata, malinis ang noseline at mataas. Ilang ulit daw may kumuhang modelo dito at ilang ulit

din namang nakapag-photoshoot, pero hindi raw nito gusto ang ganoong trabaho.

Cita was not as slender. Her features were gentler. At mas gaganda siya kung mag-aayos siya. Hindi kasi siya katulad ng mga kaklaseng mahilig sa makeup, kahit pa nga ilang ulit siyang natuksong gumamit para magmukha siyang mas matanda sa totoong edad. Anyway, she was sure she was prettier than every woman who liked Lakan. Hindi rin naman siguro bulag ang lalaki.

*Right. Like boys are salivating over you.*

She wasn't the most popular at school. Hindi rin niya alam kung bakit pero may mga pumoporma sa kanyang nasa college. *Ew*. Iniwasan niya agad.

Naisip niya minsan, baka nga pang-older guys ang appeal niya. And Lakan was much older so there was that.

"Why do I need to be extra careful?" tanong niya bigla.

"Because it's not safe traveling by yourself. Lalo na kung gabi na."

"Wala nga kasi si Mommy, eh."

"Puwede ka naman sigurong maghintay sa bahay niya."

"No. I had to leave."

"If you really have no other choice, you can call me. Usually, kapag weekends nandito naman ako sa San Isidro. 'Di ba sa Batangas nakatira ang mommy mo?"

Napatingin siya rito, nakangiti. God, he knew. Tumango siya. "O-Oo."

"Next time, you be careful, lalo na

kung gagabihin ka na."

"O-Okay. Thank you."

Tumango ito, nakangiti. Nagpatuloy itong mag-drive. God, he was so guwapo. Kaya niya itong makitang naka-suit sa courtroom. Siguradong madami itong maipapanalong kaso. Kung hindi man, puwede itong maging politiko. Pero hindi ito tulad ng mga politikong nakikita niya. Mukhang hindi ito sasayaw ng jejemon o kakanta ng corny para manalo. Hindi nito kailangang gawin dahil mukhang iboboto ito ng lahat.

He wasn't the friendliest or the funniest, especially when he spoke, but he commanded attention. At kapag narinig na ng mga tao ang sinasabi nito, siguradong mai-impress. May sincerity

din ito at kabutihang loob na lagpas sa mabilis na ngiti o tawa.

"Pupunta ka ba sa bahay bukas?" tanong nito mayamaya, nilingon siya. "Isay mentioned she's having friends over tomorrow." Iyon ang palayaw ni Dalisay sa pamilya.

"Ah, yes," sabi niya, kahit hindi siya invited. She was going to invite herself. Bahala na. "Sa bahay ka lang din ba bukas?"

"Yes. So you're gonna see me all day tomorrow." Ngumiti ito.

*God, he really likes me*. Kulang na lang ay direkta niyang sabihin ditong wala itong aalalahanin, na hindi siya magsusumbong kung sakaling hindi na ito makakapaghintay na maging eighteen siya. Okay din lang sa kanya

ang LDR kapag nasa Manila ito. Anyway, luluwas na rin naman siya kapag nagsimula na ang pasukan. Medyo magkalayo nga lang ang kanilang campus dahil siya ay sa Diliman, ito naman ay sa Rockwell. Pero makakagawa naman sila ng paraan sigurado.

Parang ayaw na niyang matapos ang biyahe pero malapit din lang ang bahay nila kaya hindi pa nagtagal ay humimpil na ang sasakyan doon.

"Off you go," anito, nakangiti.

"Thank you, Lakan."

"You're welcome, Carmen." Hindi nawala ang ngiti sa mga labi nito.

Nahiya siyang magpa-cute kaya bumaba na siya, kumaway, saka pumasok sa gate gamit ang susi. Nang

maisara iyon ay narinig niyang umandar na ang sasakyan nito. Kilig na kilig siya kaya nagulat siya nang marinig ang tinig ni Mama Nene.

“O, ano’ng ginagawa mo dito?”

“Hindi pa rin ba tumatawag si Mommy, Ma?”

“Hindi. Bakit? Ano’ng nangyari?”

Tumuloy na siya sa bahay. Malamang na tulog na ang daddy niya dahil eight pa lang, nakahiga na iyon.

Sinabi niya kay Mama Nene ang nangyari. Agad nitong tinawagan ang mommy niya. Hindi pa nagtagal, magkausap na silang mag-ina. Kinuwento niya rito ang nangyari. Tulad ng inasahan niya, kampi agad ito sa mga pamangkin. Pero hindi pinahalata masyado, siguro dahil alam

na naka-speaker phone. Wala pa pala ito sa bahay pero hindi man lang ipinaalam ditong umalis na siya. So wala pa ring nakakapansin sa kanya, o walang pakialam ang mga kaanak niya doon mawala man siya?

Nang matapos ang tawag ay pinagsabihan siya ni Mama Nene.

"'Wag kang aalis doon nang hindi nagsasabi. Kahit sa akin o sa daddy mo. Delikado ang panahon ngayon, anak. Kumain ka na ba?"

Tumango na lang siya dahil mas gusto niyang magsolo sa kuwarto para sa misyon—kausapin si Isay para siguradong makapunta kinabukasan sa bahay ng mga ito, pumili ng isusuot, at pagkatapos ay pangarapin ang love of her life.

KUNG NOON siguro, titirik ang mga mata ni Cita kung maririnig ang suggestion ng debut, eighteen candles, roses, gifts, at iba pa. Ang corny kasi. Lalo nang mamumuti ang mga mata niya kung isasali sa suggestion ang cotillion de honor dahil, *ew*.

Noon.

Pero ngayon, nakikita niya iyon na opportunity para mapalapit kay Lakan.

"Pag-isipan mo at ang sabi ng mommy mo, mas maagang maiplano, mas maganda. Puwede naman daw kumuha ng catering. May kakilala raw siyang magle-lechong baka," sabi ni Mama Nene.

"Sige po, pag-iisipan ko," sabi na lang niya dahil kung iimbitahan ng mommy

niya lahat ng kaanak nito, parang nakikinita na niya kung paano magiging piyesta-style ang debut at nakakahiya rin kay Lakan.

Bakit ba ang hirap-hirap gumawa ng paraan?

Malaking tanong din sa kanya kung paano maiimbitahan ang lalaki bilang escort niya at siyempre, final dance sa eighteen roses. Kung hindi man, pang-seventeen dahil final pa rin ang daddy niya. Puwede rin namang unahin ang daddy niya, para talagang last si Lakan. Decisions, decisions. O mas tamang sabihing fantasies. Wala na yata siyang ibang ginawa kundi iyon.

Inihatid siya ng ama sa Liwayway's Garden. Doon nakatira ang pamilya Almeda. Dating senador ang lolo nina

Lakan. Ang ama nito ay abogado at ang nanay naman ay aktibista at civic leader, madaming natutulungan sa kanila. Ang kuwento ni Isay, madami daw nakikiusap sa tatay nitong pumasok sa politika pero mukhang walang hilig. Gayunman, si Lakan daw ay mayroon kaya nag-Political Science. Napapansin naman siguro iyon ng lahat kung pagbabasehan ang mga post nito sa social media.

At siya ang magiging first lady ng Pilipinas sakaling kumandidatong presidente ang kanyang irog.

Fantasies.

"Susunduin na lang kita mamaya. Kakain tayo sa labas," sabi ng kanyang ama nang makarating na sila sa tapat ng bahay sa loob ng malaking farm.

Nagmano na siya rito, saka nagmamadaling bumaba nang matiyak na maayos ang buhok niya at maayos ang mukha. Palaging simple ang ayos niya—powder and lip gloss. Hindi talaga niya talaga type mag-makeup. Pareho sila ni Isay. Ang ate nito ang fashionista pero hindi niya na nakikita dahil nag-aaral sa ibang bansa. Hindi rin siya pa-girl pumorma. In fact, she loved darker, moodier clothing. Nitong huling mga buwan lang siya naging subtle sa porma dahil hindi bagay kay Lakan ang artsy-fartsy emo girl na pinaglipasan na ng panahon.

Nang makapasok ay bumati siya sa mga magulang ng kaibigan na parehong nasa sala, kausap sina Lakan, Magtanggol, at Dakila. The three

brothers were all gorgeous men, but Lakan stood out.

One day, she would be part of that family. Wala naman siyang magiging problema dahil mabait ang lahat sa kanya.

Gusto pa sana niyang mag-stay sa sala pero nag-uusap ang mga ito kaya niyaya siya ni Isay sa silid.

"May family meeting yata kayo," pasimpleng usisa niya.

"Yeah. Birthday kasi ni Nanay next month so iniisip nila kung saan kami magbabakasyon since ayaw na rin nilang maghanda. How about you? Sabi mo kagabi sa akin, gusto mong iplano natin ang debut mo. Wait, Alana and Mitch are coming over later so we can ask them, too."

Nasa dulo na ng dila niya ang tanong kung matutulungan ba siya nitong magpa-escort sa kuya nito, pero sa huli, nanaig ulit ang takot na baka kapag nalaman nitong may gusto siya kay Lakan, iwasan na siya nito. Hindi na niya mabilang kung ilang kaklase nila o kaeskuwela ang iniwasan ng dalaga dahil nakikipaglapit lang para sa Kuya Dakila nito. Kadiri daw dahil matanda na ang lalaki. Paano pa kaya kung sa panganay nitong kapatid?

Ngayon naging malinaw sa kanyang hindi maganda ang idea niya ng pagde-debut dahil hindi niya rin maiimbita ang irog niya.

"Kung mag-e-eighteen-eighteen ka, aabot ba ng eighteen ang boys na kilala natin? I mean, you know, 'yong mga

hindi *ew*. Let's make a list." Agad itong na-excite at inabot ang laptop. Nagsimula itong mag-type. "All right. We have Santi, Gilbert, Damian, Lex, Jeremy, and that tall guy from Saint Jude. We have six. May iba ka pa bang puwedeng idagdag? How about your cousins? Kaso ang corny, pinsan din."

"At wala akong pinsang okay-okay. Well, aside from Kuya Dexter and Abraham." Napangiwi siya nang maalala ang mga pinsan sa side ng mommy niya. Dahil sa ilang party na nakita niya ang mga iyon, kahit bata pa ay legal nang pinapayagang manigarilyo at mag-inom na parang walang kinabukasang naghihintay.

"Okay. Let's try eighteen candles then." Nagsimula itong mag-type. Mas

mabilis nilang napuno iyon, sinama pa ang mga teacher nila. "Issue natin talaga eighteen roses."

"Idagdag mo ang daddy ko. Maybe we can ask your tatay and kuyas also?"

"I guess pero ang corny, ang daming matanda."

Lihim siyang napalunok. Paano pa niya makukuhang escort si Lakan kung eighteen roses pa lang, may objection na agad?

"Alam mo, saka na lang natin pag-usapan. Itatanong ko kay Mama Nene kung paano."

"Right. Pero maganda rin naman na may mag-celebrate sa atin."

Hindi na siya umimik dahil ano pa ang sasabihin niya? Sa isip, kinuwenta niya kung ilang minuto lang silang

magsasayaw ni Lakan. Baka two minutes lang. At para doon, magkano ang lechong baka? Baka puwede siyang humingi na lang ng ibang regalo, tulad ng ginawa ni Isay. Kotse ang hiningi nito para sa debut. Maganda ang grades nito at disiplinado rin kaya bibigyan.

Pero hindi sila kasingyaman ng mga Almeda. Well, maybe she could ask for a second-hand car. Magkano rin naman ang handang gastusin ng parents niya para sa debut dahil hindi siya talaga naghahanda kapag birthday niya. Tama na ang spaghetti at cake ever since. Pinaghandaan daw ng mga ito ang eighteeth niya. Isa pa, madaming alam na murang second-hand ang daddy niya since ahente rin ito ng mga nahatak na sasakyan.

“Oh, by the way, this afternoon, I’m gonna have my first official driving lesson. Kuya Lakan volunteered so there yah go. Sasama ka?”

“Siyempre. Parang gusto ko ring magpaturo. Baka kotse na rin lang ang hingin ko, though hindi ko alam kung papayag sila. Kasi wala naman tayong maisip na bagay sa eighteen roses. Besides, parang ang corny naman.”

Tumawa ang dalaga. “Exactly. Besides, one day lang siya. Parang ang mahal to party for one day and it’s not like we’ve accomplished a lot at eighteen anyway.”

Trust Isay to be so mature. Ganoon ang pagpapalaki sa mga ito ng mga magulang. Kahit mayaman ang pamilya, ni minsan ay hindi niya iyon

nadama. Mabait ang mga Almeda kaya mahal na mahal sa kanilang lugar.

Nang humapon, sumama nga siya sa driving lesson. Apat silang magkakaibigan, kasama ang kanyang irog. It took superhuman effort not to swoon at the guy who took her breath away.

# Chapter 3

*Dapat yata kinuya ko na lang para mas madaling mag-pretend. Hay.*

Frustrated na si Cita dahil hindi siya makalapit kay Lakan kahit malapit nang matapos ang bakasyon. Kailangan niyang makagawa ng paraan para pagluwas, may excuse siyang makasama ito, lalo na at hindi sa area nila mag-aaral si Isay. Sa La Salle Dasmariñas kasi ito papasok kaya wala siyang excuse para makasama si Lakan sa Manila.

Ang hirap pala kapag babae ang nag-iisip ng paraan. Hindi niya naman masabi sa kanyang sarili na tigilan na ang kabaliwan kay Lakan dahil alam niyang may something sila. Nararamdaman niya iyon. Madalas siya nitong kinakausap kapag nagkikita sila. May regalo pa nga ito noong graduation. One might argue that all of Isay's friends received a gift from him, but hers was the most special—a necklace with a quirky bird pendant made of glass and a matching ring. Sa iba kasi ay charm bracelet ang regalo nito. Para sa kanya, may sinisimbolo ang singsing at kuwintas. Why would he even give her a ring? It had to mean something.

Perhaps, a promise.

Ilang gabi siyang hindi pinatulog ng regalo nito, kahit manipis lang ang chain ng kuwintas at kahit simple lang ang singsing, gawa sa gold ang mga iyon. Ang pendant at palamuti sa gitna ng singsing ay magkaternong ibon. So it meant that in time, they would be free like birds. Sa ngayon kasi ay hindi pa talaga puwede. The pendant and head of the ring were made of glass to symbolize how fragile what they had was. Dahil nga bata pa siya.

Bakit ba ang tagal ng birthday niya? Puwede siguro siyang hindi gumawa ng paraan para makita ang lalaki habang hindi pa siya eighteen pero ayaw niyang isugal na wala silang koneksiyon. Baka kasi maungusan siya ng ibang mga babae, eh, alam na nga niyang

madaming umaaligid dito.

Mas naging alerto siya sa mga iyon, lalo na iyong mga taga-Ateneo Law School na tulad niyong Emma aka Emily. Hinanap niya sa Google ang babae at nabigla nang makitang anak ito ng isang cabinet secretary. So she was competing with that and all she had to her name was that she passed the UPCAT. Bakit kasi na-late siya pinanganak?

Madalas niyang maisip lately na kung siguro nakikuya siya noon pa, mas madali niyang maisisingit ang sarili sa mga activity nito. Kunwari in need siya ng kuya. That may sound creepy, but she was running out of options. Higit sa lahat, hindi naman niya nakikita ang lalaki bilang totoong kuya. Irog nga

niya ito. She only needed three months, plus school would start in two weeks. Next week, luluwas na sila.

Major panic mode.

Hindi raw uuwi si Isay sa weekend na iyon dahil kasama nito ang buong pamilya sa Baguio. Ang nasa bahay lang daw ng mga ito ay si Lakan na masama ang tiyan noong umalis ang mga ito kaya hindi nakasama. Iyon ang pinakamalaking dahilan kung bakit hindi siya mapakali. May golden opportunity siya para makasama ang irog nang silang dalawa lang pero wala siyang maisip na excuse na hindi paghihinalaan ni Isay. Because Isay was very smart. Kilalang-kilala na niya ang kaibigan, napakatalas ng isip nito. At alam niyang nakakaramdam na ito,

hindi lang pinapansin dahil palagi niyang iniiba ang usapan at sinasabing cute si ganito-ganyan para maligaw ang hinala ng kaibigan.

Mayamaya ay nag-message siya kay Isay: *Hey, naiwan ko ba sa inyo ang tablet ko?*

Na-guilty siya agad dahil hayun ang tablet niya sa bedside table.

Agad nag-reply ang babae. *I don't know. Hahanapin ko pag-uwi. Kailangan mo na ba? Day off kasi ni Manang.*

*Yeah. May pinapagawa kasi si Mommy sa akin. Nandoon ang file. Magpapahatid ako kay Dad papunta, okay lang? Hanapin ko lang.*

Open naman siya sa bahay ng mga ito. Pero hindi na kailangang malaman ng babae na wala ang daddy niya,

tumitingin ng kotse. Sinabi lang niya iyon para hindi maisip ni Isay na magkakasolo sila ni Lakan.

*Okay. I'll tell Kuya that you're coming.*

*Thanks, Isay! <3*

Anong bilis ng tibok ng puso niya. Agad siyang naghanda. She made sure she was wearing something less quirky and artsy. Naisip niyang iyon na ang oras para magamit ang regalo ng mommy niyang floral summer dress.

"Ma, pupunta lang ako kina Isay," paalam niya. Hindi nito alam na nasa Baguio ang kaibigan niya.

"Sige. Anong oras ka makakauwi?"

"Hindi ko sure. Pero magme-message po ako." Nagmano na siya rito at umalis.

Sumakay siya ng tricycle papunta sa

Liwayway's Garden. Agad naman siyang pinapasok ng bantay. Nang makarating sa bahay ay nag-doorbell siya. Agad iyong bumukas at ang nakangiting mukha ni Lakan ang tumambad sa kanya. He was gorgeous. Gusto niyang himatayin.

"Naiwan mo raw ang tablet mo?" sabi nito.

Tumango siya. "Hahanapin ko kung nasa kuwarto ni Isay. Okay lang?"

Tumango ito. "Binilin na nga sa akin. You know where it is."

"Samahan mo ako." Hindi niya alam kung saan nagmula ang lakas ng loob niya at bilis magtahi ng kuwento. "Kasi sabi ni Isay, minsan daw may batang Kastila na naglalaro ng bola doon sa taas, eh." Totoong sinabi iyon ng

kaibigan niya. Ilang ulit na raw nitong nakita at ng iba pang kasambahay.

Ang lakas ng tawa ni Lakan. “Naniniwala ka din do’n?”

“Eh, paano kung makita ko?”

Natatawa pa rin ito nang maglakad pataas ng bahay. Nakasunod siya rito. Nagtungo sila sa silid ni Isay. Nanatili ito sa labas habang siya ay pumasok.

“‘Wag kang aalis,” pakiusap niya.

Ngiting-ngiti itong tumango. Iyon ang isa pang dahilan kung bakit naiisip niyang may something sa pagitan nila. Hindi ganoon kabilis ngumiti ang lalaki sa iba. Sa kanya, madalas itong nakangiti.

Nagpanggap siyang hinahanap ang tablet kahit alam na hindi iyon makikita dahil nasa kuwarto niya sa bahay. Nang

masilip na hanggang ilalim ng kama ay umunat siya.

"Wala, eh. Tsk. Nasaan kaya?"

"Saan mo ba iniwan? Saan ba kayo nagpunta?"

"Doon sa library."

"Tingnan natin."

Tumuloy nga sila sa home library. Malaki at sinauna ang ancestral house ng mga Almeda. Ilang ulit na iyong ni-renovate pero ang pundasyon at estilo ay sinauna pa rin dahil matagal nang itinayo ang bahay. Mahilig ding magbasa ang magkakapatid dahil lumaki ang mga ito sa bookshop. Itinayo iyon ng nanay ng mga ito at operational pa rin hanggang ngayon. Makikita sa library ang hilig ng pamilya sa libro.

Nagkunwari siyang naghahanap din doon pero sa huli ay bumuntong-hininga. "Baka nawala na talaga. Baka nahulog ko sa tricycle."

"Kailangan mo ba sa school? Classes are about to start."

"Yeah," matamlay niyang sabi kunwari.

"You can use mine. May extra naman ako. I'm not sure if it's as good as yours but you can use it."

Para siyang tinangay ng hangin sa kaitaasan. Mabilis na nag-compute ang isip niya. Kung kukunin niya ang tablet, wala siyang magiging excuse para bumalik bukas. Pero kung sasabihin niyang hahanapin muna niya, puwede niyang kunin bukas. At magagamit niya ulit na excuse iyon kapag kunwaring

nakita na niya ang tablet niya. Kanina lang, naghahanap siya ng dahilan para makita ang lalaki, ngayon, binigyan siya nito ng ilang pagkakataon.

“Hindi na lang muna. Kasi baka naman makita ko sa bahay. Parang imposible kasing nalaglag ko sa tricycle kasi tumitingin ako sa upuan bago ako lumayo so kung wala dito, malamang nasa bahay pero hindi ko lang nakita,” aniya.

“All right. If you say so.”

“May ginagawa ka ba? Naistorbo yata kita.”

“No, I’m actually bored out of my wits. Glad to help you out. Kumain ka na ba?”

Umiling siya.

“Halika, nagpa-deliver ako ng pizza.”

Lakas-loob niyang hinawakan ang kamay nito. “Yay!” sabi niyang nagpatiuna para hindi halatang gusto lang niyang magkaroon sila ng eksenang magka-holding hands. Kung alam lang nitong gabi-gabi niyang pinapantasya iyon. Palagi niyang naitatanong sa sarili kung ano kaya ang pakiramdam na magkahawak ang mga kamay nila.

Umakto siyang sabik sa pizza at hindi pinawalan ang kamay nito hanggang makababa sila ng hagdan. Nilingon niya ito. Nakakunot ang noo nito bagaman nakangiti naman. Hindi naman siya obvious pero binitiwan na niya ito.

“Bawal kasi sa bahay ang pizza. Mataas kasi ang sugar ni Dad.”

“Come.” Nauna ito sa kusina.

Malakas ang tibok ng puso niya. *They held hands*. And it was so much better than she imagined. Mainit ang palad nito, malaki, sakop ang buong palad niya. Parang ayaw na niyang hugasan ang kamay.

Naghain ito ng pinggan at mga baso. Pizza at Coke Light ang nasa hapag. She was sure this was a gift by the goddesses of fate. Wala ang buong pamilya, wala pa ang mga kasambahay.

Nagsimula na silang kumain. Nagtanong ito kung excited na raw ba siya sa first day of college.

"Well, yes, but I don't know anyone."

"That's how you meet lifelong friends, Carmen." May banayad na ngiti sa mga labi nito.

Pumitik ang puso niya. "I already

have lifelong friends."

"A few more wouldn't hurt."

"True." Kumagat siya ng pizza. "Wala rin nga akong kilala sa Manila. Puwede ba akong tumambay sa 'yo?"

"Malayo ako sa 'yo. Saka naiisip mo lang na may bakante kang oras ngayon. Kapag nagsimula na ang klase, kulang pa sa 'yo ang oras mo. Ngayon mo lang naiisip na wala kang magagawa pero madami. Lalo na sa area mo. Madami kang puwedeng puntahan—UP Village, kahit Sgt. Esguerra, Scout area. Hindi ka mauubusan."

"Tour me around!" aniya.

"Kung may oras. Ang problema sa law school, hindi ka na halos makaalis dahil madaming kailangang pag-aralan. Kahit bakasyon nga.

Bumubuwelo lang ako, magbabasa rin ako mayamaya.”

Nalungkot siya dahil iyon ang inaalala niya sa mga darating na buwan. Paano kung maungusan na siya ni Emma? Araw-araw na magkasama ang mga ito, hindi ba? O baka iba ang schedule ng dalawa? Ganoon naman sa college. Pero ang point, iisa pa rin ng pinapasukang eskuwelahan ang mga ito kaya hindi issue ang distansiya.

Sana lang, sa ilang buwang daraan bago ang birthday niya, maghintay sa kanya si Lakan.

Napatingin siya sa suot na singsing, ang promise ring nito—well, she hoped. Soon, they would be free like birds.

May sasabihin pa sana siya nang makarinig ng ingay mula sa kusina.

Mayamaya ay hayun na si Manang Ising, halatang kagagaling sa labas dahil pawisan.

"Maaga akong bumalik at napakadaming tao sa bahay. Naku, dumating ang kaanak ng asawa ko. Kako'y makapasok na lang ulit. O, heto pala si Cita."

"Kain, Manang," yaya rito ni Lakan.

Pumuwesto nga ang matanda sa hapag, kumuha ng isang slice ng pizza. Medyo malaki itong babae. Mas muscular kaysa mataba pero matanda na kaya malambot na rin.

"'Kow, eh, ni hindi ako nakakain nang husto kaninang tanghalian at kasama pa ang biyenan ko. Maniwala kayong mas malakas pa sa akin ang bruha. Siguro nga'y tama ang balita ko

no'ng araw—may agimat kaya ang haba ng buhay. Nubenta na iyon, nakakaluwas pa ng Divisoria! Diyos ko po. Kailan kaya sasamain?"

"Si Manang!" nasabi niya tuloy.

Ang lakas ng tawa nito, sabay kagat ng pizza. "O, ano't nandito ka? Sinasabi ko na nga't ito ang tipo mo sa magkakapatid, hindi si Dakila, tulad ng iba."

"Manang!" bulalas niya, biglang parang sinilaban ang mukha.

Anong pilya ng tawa ng matanda, pero salamat at iniba na ang topic. "Problema ko si Gemmalyn at pa-high school pa lang, ayaw na raw mag-aral, kung hindi ba naman lukaret. Ito namang asawa ko, gusto na raw umuwing probinsiya at mangingisda na

lang. Nalintikan na." Tumayo ang matanda. "May ice cream doon. Gusto ba ninyo?"

Umiling na lang siya dahil dama niya ang mga mata ni Lakan. Ayaw niya itong tingnan dahil natatakot siyang malaman nito ang nasa loob niya. Of course, he would find out the truth by merely looking at her. He was studying law. Lawyers needed to have that skill! And the guilty ones would always get found out if they were lying and she'd been lying since she got there—*nope, before she even got there!*

Sinulyapan na rin niya ito nang hindi makatiis dahil dama niya ang pagtingin ng binata. May bahagyang kunot ang noo nito pero sa huli ay tipid na ngumiti.

“If you’re done, I will ask Manong to take you home.”

Tumango na lang siya dahil hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Plano sana niyang gamitin ang pagkakataong iyon para magpaturo ditong magmaneho pero nasira na ang diskarte niya dahil ang daldal ni Manang Ising! Bakit kailangan pa ng matandang sabihin ang obserbasyon nito? Sana secret na lang nilang dalawa.

Tumayo ang binata, naglakad patungo sa two-way radio station sa kusina. Doon nito tinawag ang driver. Hinala niya, ito mismo dapat ang maghahatid sa kanya kung hindi sa sinabi ni Manang.

Natakot ba ang lalaki? Baka. Kahit may feelings ito sa kanya, iba pa rin ang

marinig ang obserbasyon ng iba. Siyempre, ayaw nitong magkaroon ng kahit na anong bahid ang image nito at ng pamilya. Ano na nga lang ba ang sasabihin ng mga tao kapag naisip na ang panganay ng mga Almeda ay may gusto sa kanyang menor pa? Any decent man would avoid her now. And Lakan was one of the most decent human beings she knew. It was exactly why she adored him.

"See you," alanganing paalam niya sa lalaki.

Salamat na parang bumalik na ito sa dati dahil ngumiti. Sana hanggang sa susunod ay ganoon pa rin. Sana hindi na nito maalala ang sinabi ni Manang o huwag na lang pansinin. O mas maganda, tanggapin na lang nitong

walang masama sa feelings nila sa isa't isa. Mag-usap sila para hintayin siya nito. Wala namang masama doon.

Nang maihatid sa kanila ay nagpasalamat siya sa driver at tumuloy na rin sa bahay. Ang tagal niyang pinag-isipan kung ano ang gagawin. Kinabukasan, naglakas-loob siyang mag-message kay Lakan: *Hello. Hindi ko nakita ang tablet ko. Does your offer still stand? Isosoli ko rin kapag nakaipon ako ng pambili ng bago.*

Napangiwi siya sa pagka-guilty. Ayaw niya namang magsinungaling pero wala siyang choice! Hindi naman sila madalas magkita kung hindi siya gagawa ng paraan. At kahit na puntahan pa niya maya't maya si Isay, iba pa rin iyong sila lang ni Lakan ang

may koneksiyon.

Nag-reply naman ang lalaki: *I will ask Manong to take it there*.

Dali-dali siyang nag-reply. No. *Ako na ang kukuha*. *I'm leaving*. *See you in a few*.

Bago pa ito makapag-type ng sagot ay umalis na siya ng bahay. Nag-tricycle siya patungong Liwayway's Garden. Kabadong-kabado siya. Umaasa siyang nalimutan na ni Lakan ang lahat ng pagkaasiwang sinimulan ng kantiyaw ni Manang. Sana rin hindi nito sinabi kay Isay, na nasa Baguio pa rin. Hindi naman siguro nito sasabihin dahil lalo lang magiging awkward. Even if he had feelings for her, he wouldn't tell anyone.

*Si Manang naman kasi!* himutok niya, lihim na hiniling na sana hindi

maisipan ng matandang banggitin sa kaibigan niya. Mapapahiya siya at ayaw niya ring magsinungaling dito sakaling i-confront siya. Pero mapipilitan siya dahil hindi siya aamin hangga't hindi sila ni Lakan. Kung bakit kasi ang tagal ng eighteenth birthday niya, ugh!

Nang makarating sa bahay ng mga Almeda ay si Manang ang nagbukas ng pinto para sa kanya.

"Kumain ka na ba?" tanong nito.

"Hindi pa po," agad niyang tugon dahil siyempre, gusto niyang makasabay si Lakan. Gusto niyang mag-stay sa bahay at makasama ito.

"Sumubo ka muna. May ginataang bilo-bilo ako diyang niluto. Wala namang kakain dahil umalis ang sweetheart mo." Bigla itong

humagikgik.

“Si Manang naman, eh!” hindi na nakatiis na sabi niya, naluluha na.

“O, ‘wag ka sa aking magalit. Noon pa kita napapansin na bata ka. Kako’y lukaret ang batang ito, iyong panganay pa ang tipo.”

“Si Manang!” Naipadyak niya ang isang paa sa pagka-frustrate.

Lalo nang natawa ang matanda. “Hala, pasok, at iniwan sa akin ang tablet bago umalis. Magsisimba daw. Doon mo puntahan sa simbahan kung maaabutan mo pa.”

Napalabi na lang siya.

Tatawa-tawa pa rin ang matanda hanggang makarating sila sa kusina. Sinilbihan siya nito ng ginatang bilu-bilo.

"Ay, saglit at kukunin ko ang tablet. Iniwan sa akin."

Binilisan niya ang pagkain nang wala na ang matanda para makapunta agad sa simbahan. Magpapanggap siyang naligaw lang doon. Bahala na. Kailangan niyang makasilay.

Muntikan na siyang napatili nang marinig ang tinig ng matanda.

"Paspas kung paspas nang makaabot sa simbahan ang talanding babae!"

"Manang naman, eh!" himutok niya pero natawa na rin, saka inilapat ang gilid ng hintuturo sa labi. "Ssshhh. Quiet ka lang, Manang, ha?"

"Tigilan mo ang pagkerengkeng, lalo na sa isang iyon at ikakapahamak pa niya."

"Alam ko naman pong hindi puwede

hanggang hindi ako eighteen."

"Siya, lumakad ka na."

"Thanks, Manang!" aniyang inabot ang tablet at nagmamadali nang umalis.

# *Chapter 4*

Noon lang nakadama ng ganoong klaseng lungkot at panghihina si Cita. Gustong niyang umiyak sa gitna ng mga tao pero magmumukha siyang tanga. Isa pa, baka may makakita sa kanya at ikuwento pa sa mga magulang niya. Paano niya ipapaliwanag na umiiyak siya sa simbahan?

Bakit punong-puno ang katedral ng San Isidro?

Nagsimula nang umawit ang lahat. Dikta ng isip niya ay umuwi na lang

siya, tutal naman may ibang kasama si Lakan. Sa katunayan, sobrang busy ito sa babae kaya ni hindi siya napansin.

Emma. Emily. Whatever.

Yes, the horsey girl galloped into town and was with her man.

Why? How? Hindi naman sa pinipintasan niya ang hitsura ng babae dahil, well, she had to admit that Emma was not ugly at all. But to her, she was since she was an asshole anyway. Sa lahat na lang kasi ng post ni Lakan, kailangan nitong magpaka-know-it-all. Puwede naman itong hindi mag-comment, bakit nito naiisip na every topic ay kailangan nitong i-discuss? Lalo na nitong huli.

Well, now it was clear why. Seabiscuit wanted Cita's biscuit.

Couldn't get her own.

*Baka makidlatan ka*, biglang dumaan sa isip niya. Napahiya naman siyang agad sa itinatakbo ng isip sa loob ng banal na gusali… Pero kasi!

Para siyang lalong nanghina nang makitang halos magkadikit na ang babae at si Lakan sa bandang unahan kahit may space naman sa bench. Isa pa, base sa stalking moves niya, taga-Manila ang babae. Ang pamilya nito ay based sa Visayas. Kaya ano ang ginagawa nito sa San Isidro kung hindi para agawin si Lakan?

*Agawin*? *That's rich*.

Was she delusional? Ang isang bahagi ng isip niya ay sinasabing oo. Wala namang kahit na anong sinabi sa kanya si Lakan na may gusto ito sa

kanya. Alam niya iyon. Pero may signs; subtle signs that spoke of his feelings for her. Ang problema lang ay ang kanilang edad.

For example, he always smiled at her and treated her like a mature adult. Kailanman, hindi siya nito kinausap na para bang kulang ang alam niya at dapat na maging participation sa isang topic. That showed that he saw her as an equal. Kung ang madalas nitong disposiyon ay para bang nag-iisip ito at seryoso sa buhay, sa kanya ay magaan ang pakitungo nito.

Ang pinakamalaking indikasyon para sa kanya ay ang mga regalo nito noong graduation. They were very special. Suot niya palagi ang simbolo ng special feelings nito sa kanya. So why

was he with another girl?

Ang sama ng loob niya. Kahit ilang ulit niyang sinabi sa sarili na kailangan niyang tanggapin na hindi si Emma ang unang babaeng lalapit kay Lakan, naiinis pa rin siya. Mas nakakainis na hindi naman sila kaya wala siyang magawa. Pero seventy-four days na lang naman, birthday na niya. Masyado bang importante ang higit dalawang buwan?! Well, maybe for Lakan because he was that kind of person.

Dapat ay umuwi na siya pero may pumipigil sa kanya. Gusto pa niyang mag-observe sa dalawa, at mula roon, magko-conclude siya kung gaano na ba kalaki ang lamang sa kanya ni Tigidig.

*Oh, stop! You're better than that.*

Pero masyadong maliit ang

porsiyento ng guilt sa sistema niyang ganoon na parang gumuguho ang kanyang mundo. Kahapon lang, masaya siya kahit pa nga binisto siya ni Manang. Nakakainis pa rin iyon dahil perfect timing na sana, perfect na ang pakiramdaman nila ni Lakan, nakialam pa ang matanda. It was just that some things had to find their own way. Kapag nagulo ang daloy, nasisira na ang lahat. Okay naman sana kung hindi dumating itong Emma.

Isang tanong ang hindi mawala-wala sa isip niya—bakit dinadayo ng babae si Lakan? Hindi iyon ang unang pagkakataong nagtungo ito roon. Dati rin, nabanggit ni Isay ang pagdalaw ng babae. Pero sigurado siyang walang relasyon ang dalawa dahil kung meron,

siguradong nakuwento na ng kaibigan niya.

So why the hell was she there?!

Pumila na ang mga tao, tumugtog ang "Kordero ng Diyos." Lalo lang siyang sasamain kung makikipila siya. Baka talagang makidlatan na siya. Tahimik na lang siyang naghintay, kahit hindi alam kung sa ano. Dapat ba niyang ipaalam kay Lakan na nandoon siya?

Nang pumihit ang dalawa para pumila, naisip niyang mas maiging huwag na siyang makita ng mga ito. Eksaktong nagsisipila ang katabi niya sa bangko. Sumiksik siya sa dulo para hindi makaharang sa mga ito. Dapat pala kanina pa siya umalis dahil humaba bigla ang pila. Hindi pa

nagtagal, nakatingin na sa kanya si Lakan, nakakunot ang noo, patungo sa likod ng pila ng komunyon.

O, *kordero!*

Parang tumigil ang mundo niya, hindi malaman kung saan pupunta. Sa pagkalito ay yumuko na lang siya, umaktong nagdarasal. Mabilis namang umandar ang pila. Nang wala na ang dalawa ay agad siyang umalis. Nang makarating sa bahay ay napaluha na lang siya, pero nangako sa sarili na gagawa ng paraan bago matapos ang bakasyon, dahil mas mahirapan na siyang makalapit si Lakan at magiging mas accessible na din ito kay Emma. She simply had to find a way.

DESPERADA na si Cita. Hindi na naging

epektibo ang ginagawa niyang paraan para magkita silang muli ni Lakan. Kahit nasa San Isidro ito, hindi sila magkatagpo. Ang sabi ni Isay, madalas daw nitong kasama si Emma, na hula ng pamilya ay espesyal sa lalaki.

Hindi naman daw doon natutulog ang babae sa bahay ng mga ito. Hindi raw ang tipo ni Lakan ang mag-uuwi ng babaeng doon din patutulugin, kahit pa nga kung tutuusin ay puwede na nitong gawin dahil nasa tamang edad na ito.

Kinakabahan siya kapag nakakarinig ng mga ganoong tamang edad-tamang edad. Ang pumapasok kasi sa isip niya kapag binabanggit iyon ay pag-aasawa o pagpapamilya. Hindi siya komportable sa idea na "nasa tamang edad" na si Lakan, dahil siya ay wala pa doon!

Menor de edad pa siya so hindi pa tama. Nakakapanghinang isiping hindi siya maira-round off sa tamang edad category hangga't hindi siya sumasampa sa twenty-one siguro. By then, Lakan would be even older. It was frustrating.

Sa isang araw na siya luluwas sa Manila kasama ang pamilya. Mamimili sila ng mga last minute niyang pangangailangan, tutulungang maisaayos ang kanyang gamit, at magbabayad na rin ng parking space rental sa tapat ng apartment. Dadalhin niya ang kotse sa school.

Hindi pa masasabing sanay na sanay na siyang mag-drive pero pasado na siya sa ama. Siyempre, ang nagturo sa kanya ng ilang lessons ay si Lakan. Her car was

a Honda CR-V. Hindi man iyon brand-new, wala pang one-year old at automatic. Lady driver din daw ang unang may-ari at saktong nahila kaya sinamantala ng daddy niya. Iyon na ang advanced birthday gift nito, ni Mama Nene, at ng mommy niya para sa debut niya; pinauna na para matuto siya agad magmaneho at magamay iyon bago siya tumulak pa-Manila.

Sa palagay niya, hindi niya mada-drive ang Honda papuntang Rockwell dahil hindi pa siya sanay sa heavy traffic. Pero may tiwala sa kanya ang mga magulang. Alam ng mga itong hindi siya wild. Kung alam lang ng mga itong kung sasabihin ni Lakan na magpunta siya rito, isusugod niya na rin siguro ang sasakyan.

Si Isay ay mas maaaga ang pasukan sa kanya kaya wala na ito sa Liwayway's Garden. Wala na siyang mabilis na excuse para makadalaw. She could message Lakan, but what if he used that to leave instead? Lalo niya itong hindi maaabutan sa bahay. Isa pa, ayaw niyang magpunta nang hindi alam kung sino ang naroon, lalo ngayong long weekend.

Naloloka na siya sa kakaisip dito at sa katotohanang hindi na niya ito makikita sa pasukan. Could she even survive that? Maisip pa lang iyon ay naiiyak na siya. They had to come up with an agreement. Puwede nilang pag-usapan kung paano niya ito hihintayin. Ang problema lang talaga ay ang biglang pagdating ni Emma sa eksena.

“Anong haba naman ng usli niyan!”

Napaigtad siya nang madama ang daliri ni Mama Nene sa kanyang labi. Ginitara nito iyon, saka humagikgik.

“Si Mama naman, eh!” himutok niya habang nakapangalumbaba. Hindi bawal sa kanila iyon. Hindi mapamahiin ang mag-asawa.

“Ano ba’ng problema mo na bata ka? Ilang araw ka na.” Walang pasok ang matanda dahil may event daw sa bayan. Nag-leave din ito para makasama sa kanya sa Maynila kaya mahaba-haba ang pahinga ng babae.

“Wala po. Mami-miss ko kayo.”

“Mami-miss ka rin namin. Inaalala ko nga kung kaya kong tiisin ang daddy mo kung wala ka,” pagbibiro nitong nakangiti. “Sa una lang ‘yan. Kapag

nasanay ka doon, baka kami pa ang makiusap sa 'yong umuwi dito. Maniwala ka."

Hindi na lang siya umimik. Na-guilty na naman siya. Hindi niya naiisip ang parents niya sa mga sandaling iyon; okupado ni Lakan ang isip niya. Imbes na ilaan niya ang huling mga araw ng bakasyon sa parents niya, iniisip niya kung paano makikita ang irog. Pero wala naman kasing hadlang para makita niya ang mga magulang, pero mahirap ang access sa lalaki.

"Hindi po kayo sumama kay Dad?" tanong niya na lang.

"Naku, makikipag-inuman 'yon ngayon at walang pasok bukas. Hayaan mo na at maganda naman ang blood work no'ng huli. Maiging nakakapag-

good time."

"Kayo po?"

"Alam mo namang napaka-boring ko. Magluluto lang ako ng pancit at biko. Dadalhin ko sa mga sister after lunch. Sumama ka." Sa tuwing may libreng oras si Mama Nene, nagdadala ito ng pagkain sa kumbento dahil nandoon ang kapatid nitong madre.

Dahil guilty, napilitan siyang tumango. Baka kailangan na niyang magbagong buhay dahil mukhang kinakarma na siya. Una, sobrang pintas ang inabot ni Emma sa isip niya at nagsinungaling din siya noong nakaraan tungkol sa tablet, na naisauli na rin niya sa pag-asang makikita si Lakan, pero wala ito sa bahay nang ihatid niya iyon.

Habang hinihintay ang biko, nag-ayos na lang siya ng mga gamit na dadalhin. Nag-focus siya sa ginagawa, binalikan ang to-do list. Natapos naman siya agad dahil matagal na niyang naunti-unti iyon.

She spent the rest of the morning just daydreaming. Naligo siya bago sila lumakad. Siya ang pinagmaneho ni Mama Nene kahit nagda-drive din ito. Alas-dos sila nakarating sa kumbento. To be fair, she enjoyed her time with the sisters. Alas-singko na sila nagpaalam. Ito ang nag-drive pauwi dahil ma-traffic na raw downtown.

Eksaktong binuksan niya ang Facebook group ng mga talandi at nakitang pinag-uusapan ang special basketball game sa plaza. Exhibition ng

mga sikat na players ng San Isidro versus town politicians.

“Mama, puwede bang sa plaza na lang ako? Manonood po ako ng basketball.”

“Ay, oo, ngayon nga iyon. Sina Mayor ang kalaban ng mga pogi.” Tumawa ito. “Siguradong talo ang kabataan at malalakas mang-steal ang mga ‘yon.”

Bigla tuloy siyang napahalakhak. Hindi pa nagtagal, ibinaba na nga siya nito sa plaza kung saan naroon ang malaking covered court. Nagbilin itong umuwi siya agad pagkatapos ng laro.

Muli niyang binuksan ang Facebook group. Nag-post na ng picture ang mga talandi, puro picture naman ni Dakila. Gayonman, may isang nahagip ang picture sa background at nandoon si

Lakan. Sinasabi na nga ba niya na kapag nasa San Isidro ang lalaki, hindi puwedeng hindi nito susuportahan ang kapatid. Sa katunayan, malamang na kung nasa kanila si Isay, nandoon din iyon sa laro. Palibhasa hindi niya masyadong pinapansin ang grupo dahil may sarili siyang mundo.

She made sure she looked good before heading inside the gym. Ang daming tao. Sikat sa San Isidro ang basketball ever since. Sa bawat barangay yata ay may paliga year-round, kahit tag-ulan. Pero lalo yatang sumikat dahil kay Dakila. Ewan kung bakit matindi ang mass appeal niyon kahit mas guwapo naman si Lakan. Sabagay, hindi basketball player ang lalaki kahit minsan niyang naabutan sa

bahay ng mga itong nakikipaglaro kay Dakila.

Kahit marami din ang laman ng secret Facebook group ng mga may crush kay Dakila, ang natanawan niya sa court ay tatlo lang. Busy na rin halos ang mga kaklase niya sa darating na pasukan.

Agad siyang kumaway sa mga kaibigan, kahit ang mga mata ay malikot, hinahanap ang kanyang irog na mahirap gawin dahil punong-puno na ang bleachers.

Pinakilala na ang mga player. Halos mabingi siya nang ianunsiyo ang pangalan ni Dakila. Parang may pinag-usapang sumabog ang ingay ng palakpakan, pito, hiyaw at tili. Daig pa nito ang celebrity. Noon niya naispatan

si Lakan. Hayun ito dalawang bleachers mula sa kanya, sa malayong kaliwa niya.

Biglang kumalat ang init sa kanyang dibdib. Ang tindi talaga ng pagka-miss niya rito. Pero bakit katabi nito si Emma?

Mabuti na lang at busy ang mga kasama niya sa pagtili kay Dakila kaya hindi napansin ng mga itong naiiyak na siya. Mukhang may relasyon na sina Lakan at Emma, dahil bakit magkasama na naman? Sana puwede niyang tanungin si Isay pero alam niyang magtataka ito nang husto.

*This can't be. He likes me. He actually likes me. Hindi ba siya makapaghintay? Saglit na lang naman!*

Kulang na lang tumunganga siya sa

lalaki nang magsimula na ang laro. Napasulyap ito sa gawi niya. Automatic na itinaas niya ang kamay para kawayan ito, kahit pilit na pilit ang kanyang ngiti.

Mukhang nakita naman siya nito dahil bahagyang kumaway, may tipid na ngiti sa mga labi, kasabay ng isang tango.

God, that pained her. Dahil iyon mismo ang civil expression nitong generic—para sa lahat. Nasaan ang ngiti nito noon para sa kanya? Na-demote na ba siyang talaga sa buhay nito? Hindi niya iyon matanggap.

Sa tuwing mapapatingin pa siya sa gawi ng mga ito, nakikita niya si Emma na kung hindi dumadaldal, panay ang hawak sa braso ng lalaki, o panay ang

tawa. Parang gumuho ang mundo niya. Nakayuko lang siya, halos tulala, hanggang sa makita ang singsing na bigay ni Lakan. And she just knew she had to make him understand that she was going to be full-grown woman soon, so he had better stop playing around.

May ideyang nabuo sa isip niya pero hindi niya alam kung tama bang gawin—confront the man in front of Emma. Sa ganoon, malalaman ng babaeng iyon na nakakatapak na ito ng iba. But what would she tell him?

Sa isip ay nag-rehearse siya ng mga linya:

*Lakan, I will be eighteen in two months, can't you just wait until then?*

*Lakan, she looks like the kind of woman*

*who never stops talking so you better remember that I will be eighteen in two months.*

*They say patience is a virtue and we're almost there, so why must you settle*?

Tumingin siya sa scoreboard, hindi naman masyadong malaki ang lamang ng mga kabataan. Base sa oras, ilang segundo na lang, halftime na. Nagpatuloy ang laro. Initsa ni Dakila ang bola sa ring para sa isang three-point shot isang segundo bago tumunog ang buzzer.

Halos mabingi siya sa hiyawan nang ma-shoot iyon. Agad siyang tumingin sa direksiyon ni Lakan. Nakataas ang magkabila nitong kamay, nakikihiyaw din. And then Emma placed her arms around him, kissed his cheek, and

jumped up and down.

Hindi na niya nagawang awatin ang damdamin. Sinugod niya ang dalawa.

“Saan ka pupunta?” nagtatakang tanong ng mga kasama niya.

Hindi niya pinansin ang mga ito. Tuluy-tuloy siyang nakisiksik sa mga taong nagkakagulo. Siguro dalawang dipa ang layo niya sa dalawa nang mapatingin sa gawi niya ang lalaki.

Agad na kumunot ang noo nito, nagtatanong ang tingin. Patuloy siyang lumapit hanggang sa mapansin na rin siya ni Emma. Agad iyong bumitiw kay Lakan. Nakatingin din ito sa kanya pero wala siyang pakialam dito.

“Who’s this girl?” malakas na tanong ni Emma sa tainga ni Lakan dahil maingay pa rin ang paligid, mayroong

ismid sa labing bahagyang nakataas ang sulok. Isa iyong expression na para bang natatawa sa kanya. Kung para saan ay hindi niya alam pero ang kapal ng mukha nito. Akala mo kung sinong maganda!

Nakadama siya ng matinding iritasyon.

“I’m the one wearing a promise ring! His promise ring!” aniyang itinaas ang kamay.

“What are you talking about?” tanong ni Lakan, nakakunot na ang noo sa puntong iyon, halatang nabigla.

“I’ll be eighteen in two months! Couldn’t you just wait until then?!” aniya, emosyonal.

“What’s this girl talking about?” tanong ni Emma.

“I don’t know,” kaila ni Lakan.

“I think she has a crush on you,” tatawa-tawang sabi ng babae.

“Carmen, you better—”

Lahat ng sasabihin ni Lakan ay naputol dahil bigla niya itong niyakap at inilapat ang mga labi sa labi nito. She didn’t know how to kiss but she tried anyway.

And failed.

Dahil inilayo siya ni Lakan. Salubong na ang mga kilay nito sa puntong iyon.

“You’re a child!” sabi nito, hinawakan siya sa braso.

Before she knew it, he was pulling her by the arm. Mariin ang pagkakakapit nito na para bang nag-aalalang makawala siya.

“Lakan—” aniya pero naunawaan

agad na lunod na lunod ng ingay ang tinig niya.

Nakipagsiksikan sila para makababa ng bleachers. Mabuti na lang at nasa gitna sila niyon. Tila may pinag-usapan ang mga taong nagbibigay-daan. Hindi niya alam kung ano ang madarama pero sa kung saang sulok ng isip niya ay umalingawngaw ang pagtawag sa kanyang pangalan.

Sumulyap siya sa gawi ng mga kaibigan. They were all looking at her, horrified. Sa sobrang pagkabigla ay ni hindi niya nagawang makaiyak. She was even more horrified than them.

Nakasunod lang si Emma sa kanila. Hindi rin ito nagsasalita at hindi siya tumitingin dito.

*What have I done*?

Nang makababa ng bleachers ay tuluy-tuloy pa rin sila palabas ng covered court. Lalo lang silang pinagtitinginan dahil nakahawak si Lakan sa kanya na parang pulis sa isang kriminal. Nahiling tuloy niyang sana ay maglaho na lang siyang parang bula.

Wait, did they even really kiss? Dinikit niya ang mga labi dito at iyon lang ang alam niyang naganap. Hindi niya alam kung paano ba humalik. He was her first! And he was so mad about it.

Tuluy-tuloy sila palabas ng covered court, patungo sa walkway, humihina na ang ingay sa paligid kahit madami pa ring tao sa labas—mga miron at pulis, bodyguard ni Mayor, vendors, at iba pa. Para bang buong bayan ang witness sa

first kiss niya.

Nang marating ang kalapit na parking area ay sinalubong sila ng isang matandang lalaking noon lang niya nakita.

"I guess I'll see you soon, Lakan," wika ni Emma. "Balitaan mo ako."

Malamang driver nito ang matanda, pinagbukas ito ng pinto ng isang SUV. Habang sila ni Lakan ay nagtungo sa sasakyan nitong nakaparada sa kabilang panig pa ng parking area. Hawak pa rin siya nito sa braso.

Nang makarating sa sasakyan ay pinindot nito ang fob at pinasakay siya sa loob. Binalot siya ng init ng sasakyan mula sa araw na kalulubog pa lang, pero halos hindi na niya nadama. Natatakot siya, hindi malaman ang gagawin.

Sumakay na rin sa kabila ang lalaki, binuhay ang makina, saka agad pinasibad ang sasakyan.

“Lakan—”

“You’re not allowed to speak, *child.*”

“I’ll be e-eighteen in two months.”

“So?”

Naipit sa lalamunan niya ang mga salita. He was super mean. Bakit so? Natural, ibig niyang sabihin ay puwede na sila pagsapit ng araw na iyon. Bakit pinalalabas nitong parang walang dapat pag-usapan pa?

Nanahimik na lang siya dahil hindi niya alam kung ano ang sasabihin.

Panay ang buntong-hininga ng lalaki, permanente na ang pagkakakunot ng noo. Why was he even that mad? Siya naman ang napahiya sa

harap ng lahat at hindi ito. He publicly rejected her! Wala namang posibleng maging interpretation ang lahat kundi iyon, kaya nga nagulantang ang mga kaibigan niya at mga nakanganga.

Malapit lang sa plaza ang bahay nila. Doon siya dinala ng lalaki. Si Mama Nene ang naroon.

"Puwede ko po ba kayong makausap?" tanong ng lalaki nang makapasok.

"Oo naman. Tuloy kayo. Mukhang may problema. Ano ba'ng nangyari?"

Nakikiusap ang tingin niya sa lalaki. Sana hindi na nito sabihin. Sana huwag na siya nitong ipahiya kay Mama Nene dahil siguradong makakarating sa kanyang ama. Mapapahiya ang daddy niya.

Tumingin sa kanya si Lakan. "Do you mind, Carmen?"

Napilitan siyang magtungo sa silid. Hindi siya mapakali, pero hindi niya kailangang maghintay nang matagal. Makaraan ang twenty minutes, nakita niyang umalis na ang sasakyan ng lalaki. Kumatok si Mama Nene mayamaya.

"Hindi bale at pa-Maynila ka naman na sa isang araw at malilimutan mo rin lahat ng nangyari," anitong niyakap siya, puno ng simpatya sa mukha. "'Kow, bihira naman ang puppy love na tumatagal."

Bigla siyang napahagulgol. Her heart broke once again.

# Chapter 5

*After careful review, we have decided not to move forward, as your creative approach is not aligned with this role's requirements.*

Gustong mapaiyak ni Cita habang nag-eempake. Pang-ilang rejection na ba niya iyon sa nakaraang ilang buwan? Hindi na niya mabilang. Siya na ang nag-adjust—napakalaking adjustment—pero wala pa ring nangyayari sa mga application niya. Freelancing as an artist was one of the

worst things in the world, she was sure of it.

Aminado siyang hindi rin iyon talaga para sa kanya dahil nakasalalay ang art sa boss, hindi sa kanyang creativity at style. Pero kaya niyang mag-adjust. Kung ang medium nga niya ay noon pa niya nagawang baguhin para makasabay sa nagbabagong mundo. She never imagined herself using computer programs and a stylus to create art, but there she was.

Nitong huling mga buwan, sobrang stressed siya dahil nauubos na ang savings niya. It wasn't a lot to begin with. She had been working a nine-to-five job for three years when she got fired. Graphic artist siya sa isang kompanya, isang trabahong napilitan

na lang siyang pasukin dahil wala siyang makitang oportunidad para sa sarili bilang artist. Alam niya naman na hindi magiging madali ang daan patungo sa pangarap niya, pero hindi niya inakalang imposible pala.

Mula pagkabata, gusto lang niyang maging pintor. She was good at it, at least she thought she was. What she never really understood back then was that there was politics in the arts. Siguro, madaming mabibigla sa katotohanang iyon. Sawa na rin siyang magalit sa sitwasyon dahil na-realize niyang hindi siya dapat mag-focus sa kung ano ang hindi niya makuha kontra sa nakukuha ng ibang hindi naman deserving. Aminado siyang dumaan siya sa stage na iyon. Nagbabad siya

roon, tulad ng napakadami. There were so many artists far better than the multi-awarded, the famous ones. In fact, many of those people were mediocre. They were simply well-connected.

Like most businesses, art had to be packaged and marketed. At doon mahirap lumaban ang isang artist na wala namang alam sa larangang iyon, walang koneksiyon sa network ng art collectors, at walang balak makipagsabayan sa kompetisyon.

The simple fact of the matter was that influence had a lot to do with an artist's fame. Money did, too. Madami sa mga sikat na artist, kahit sa ibang bansa, ay iyong galing sa magagandang pamilya, kung hindi man ay pet ng mga iyon.

Dahil kapag may impluwensiya ka sa elitistang mundo, mas mabilis iyong mapasok.

Lately, there was a different path to fame and recognition: social media. But every time she thought about what she would have to do to achieve it, the amount of time she would need to engage with people she did not know, the effort required to create content that fit her "brand," it drained her. It killed her soul. Mas delikado kung mawawalan siya ng drive kaya sumubok siyang mag-freelancing habang panaka-nakang nagpo-post sa kanyang page.

Madami pa siyang napagpasahan ng application pero para bang wala namang kahihinatnan ang iba. Truth of

the matter was, her eyes were now open. Alam na niya ang katotohanan ng mundong pinasok niya. Suwerte na sigurong makakuha siya ng steady designing job na maganda ang pasahod, pero ang makabuo ng sariling pangalan sa mundong iyon ay parang malabo, maliban siguro kung magkakaroon siya ng financial support para ma-establish ang pangalan niya at career. Pero kahit na magkaroon pa siya niyon, mahirap sabihin kung maaabot niya ang pangarap.

She had thought it all over and figured that there was nothing wrong with being a working artist. That changed her mindset completely. Hindi niya kailangang maging sikat o awarded painter para magkaroon ng fulfilment.

Pangarap niya iyon pero hindi naman lahat ng pangarap ay natutupad. Hindi lahat ng nangarap maging artista, nakakapasok sa showbiz.

Pero iba ang working freelance sa not working at all. Palaki na nang palaki ang utang niya sa credit card dahil minimum lang ang nababayaran niya. Alam niyang mababaon siya kung hindi makakahanap ng trabaho sa lalong madaling panahon. Kailangan na rin niyang iwan ang unit na inookupa dahil wala na siyang pambayad ng rent.

She was thirty-two. Ni sa hinagap, hindi niya naisip na darating siya sa ganitong punto na wala siyang rent money. At sa totoo lang, sa lagay ng ekonomiya ng bansa, naiisip niyang wala siyang kinabukasan kung hindi

siya aalis ng Pilipinas. Kaya nitong huli, nilandi-landi niya ang ex-boyfriend na nakakuha ng magandang posisyon sa isang art gallery sa Italy. Madami ding racket at koneksiyon sa art world ang isang iyon, magaling sa PR. Half-Italian si Salvatorre kaya fluent sa Italian. Baka sakaling may oportunidad na magbukas sa kanya doon, kung saan may malaking respeto ang mga tao sa art. Kahit tour guide sa museum o gallery assistant lang, okay na sa kanya. Lahat naman ng tao, nagsisimula sa maliit. Hindi rin naman siya takot na mapalayo sa mga magulang dahil mas takot siyang hindi man lang mabigyan ng malaking regalo ang mga ito, o reward, o kahit na anong benepisyo.

She felt like a failure because she

was. Hindi siya nakakapag-abot sa mag-asawa, hindi man lang nalilibre ang mga ito sa dinner o pamamasyal. Not that they needed the money because they were doing well. Pero bilang anak na itinaguyod ng mga ito, nahihiya siyang hindi siya nakaangat, na lahat halos ng kasabayan niya ay maganda na ang buhay, habang siya ay nagsisimula na naman.

Worse, in fact. Because she was broke as hell, deep in debt.

Tinapos na niya ang pag-eempake. Wala na siyang malalaking appliances dahil naibenta na niya sa Marketplace. Kahit ang kanyang furniture ay naibenta niya nang bagsak presyo noong nakaraang linggo lang. May isang buyer na kinuha na lahat.

*This is what I get for insisting on being an artist.*

Ang lalim ng buntong-hininga niya dahil tama ang tao sa mundo—walang pera sa arts. Hindi siya ang nag-iisang na-disillusion doon pero nagtiyaga siya sa mga trabahong medyo related sa gusto niyang gawin. Mali ba iyon? Siguro sa hirap ng buhay ngayon, oo. Dapat noon pa niya na-realize na kailangan niyang kalimutan ang pangarap at i-establish muna ang kabuhayan. But when she was younger, she really didn't think about those things. Idagdag pang palagi namang nakasuporta sa kanya ang mga magulang.

Well, hindi lahat dahil ang mommy niya ay maagang sinabi sa kanyang

mag-abroad na lang daw siya na tulad nito. Hindi siya nakinig. Mabuti na lang at bihira na siyang dumalaw dito dahil ganoon pa rin naman ang sistema ng babae, madaming mga kaanak na kasama. Gayonman, nag-mellow na ang mga kaaway niyang pinsan noong araw. Pareho nang may pamilya ang dalawa. Tanong ng mommy niya, kailan daw siya mag-aasawa.

Paano siya mag-aasawa kung wala naman siyang boyfriend? Ang huli niyang karelasyon ay nasa Italy na. Pero baka magkabalikan sila, para makarating din siya doon. Yes, she was willing to make certain sacrifices this time. Tutal naman, baliw na baliw sa kanya si Sal at nakipag-break lang siya rito dahil bored na bored na siya sa

relasyon nila. Walang spark, predictable, at parang wala na silang mapag-usapan. Four months after the breakup, the man left for Italy.

Hindi niya na nga ito naaalala. Sal was forgettable as a boyfriend, to be honest. He was a great friend though. Pero nag-alala siyang may bitterness sa pagitan nila kaya hindi na niya ito kinausap. Pero nang lumutang ito sa social media niya, kasali sa isang exhibit, napukaw ang kanyang interes. It was an indie exhibit, but it was kind of big. Na-feature iyon ng mga art influencer sa Italy. Doon sila muling nagkausap ng lalaki, nang i-congratulate niya ito.

Hindi niya naisip samantalahin ang pagkakataon. Noon. But lately, she had

to admit, she had been thinking about it because she was desperate to get herself out of the country. Or find a good paying job. Alinman sa dalawa ay okay na okay sa kanya.

Hinigit niya ang maleta palabas at kinarga sa kanyang sinaunang CR-V. How embarrassing. Ang kotseng regalo sa kanya mahigit isang dekada na ang nakararaan, hindi man lang napalitan. The paint was horrible now, but the car still worked. Maganda pa nga ang takbo niyon dahil maingat siya, bukod sa hindi niya masyadong nagagamit dahil mahal ang gas.

Isinauli niya ang susi ng apartment sa landlady, saka lumakad na rin. Harinawang makuha niya pa ang deposit. Hihintayin lang daw ang bills at

ibabawas doon, since maayos naman ang lagay ng unit. Sana nga dahil kailangang-kailangan niya.

Mabigat ang loob na nagpakarga siya ng gas gamit ang credit card. Full tank. Pauwi siya sa San Isidro. Inamin niya sa mga magulang na nawalan siya ng trabaho pero hindi tinanggap ang bigay ng mga ito. She was too old to depend on them, nahihiya na siya. Pero doon muna siya titira pansamantala. Nakakapanliit din iyon pero wala siyang choice. Hindi niya kayang mag-cash advance sa credit card dahil mas malaki ang interes. Hindi siya puwedeng magbayad nang magbayad ng upa habang naghihintay magmilagro.

Wala nang tumutulong luha sa mga

mata niya dahil nakailang iyak na siya. Wala ring magagawa ang pag-iyak kundi maaawa siya sa sarili, isang bagay na delikadong gawin dahil kapag nalulong siya roon, baka mahirapan siyang makaahon.

For the mean time, she would accept low paying jobs and scrape the bottom of the barrel. Walang barya-barya sa taong gipit sa pera. So what kung ang isang digital illustration na gagawin niya ng tatlong araw ay halos isang libo lang ang bayad? Ginto na ang isang libo sa isang walang trabaho.

Kahit paano, umalwan ang pakiramdam niya nang makita ang arko ng bayan. Hindi pa nagtagal, nasa tapat na siya ng bahay nila. And then there was her father, opening the gate for her

car. The car that he gave her at eighteen. God, it felt horrible to come home like this with the intention to stay because she was a jobless failure.

Agad siyang humalik sa ama, binigay ang pasalubong dito, saka niyakap si Mama Nene, inabot din ang pasalubong. Salamat, credit card.

Masagana ang nakahain sa hapag. Retired na ang mag-asawa at nag-e-enjoy sa pensiyon ng mga ito. Bukod doon, may investments din ang dalawa at maliliit na rental properties. Madaming nakuhang mga nailit na bahay ang daddy niya noon, karaniwan ay mga nasa subdivision. Hindi ganoon kalaki ang paupa pero kapag pinagsama-sama, komportable ang pamumuhay ng dalawa. In fact, they

could support her, but she would never accept their financial help. Not unless it was an emergency. Kahit paano ay may kahihiyan siya.

"Ano'ng plano mo sa ngayon, anak?" tanong ng daddy niya, magaan ang tono, sadyang nagtatanong lang.

"Keep looking for a good job, Dad. For the meantime, I'm gonna accept design work, kahit maliit ang kita. At least, meron."

"Eh, kung may trabaho bang maayos ang kita kahit hindi mo linya, tatanggapin mo?"

Agad siyang tumango. "Except call center, Mama. Hindi ko kaya."

Not that she literally couldn't do it, but she was not built for that culture. Naranasan na rin niya one time,

sinukuan niya agad. Mababaliw siya sa trabaho at politika sa mga call center.

Nagkuwentuhan silang pamilya. Busy ang mag-asawa sa bagong hobby na hydroponics. Nabili ng mga ito ang lupa sa likod ng bahay at doon nilagay ang greenhouse. Nag-tour agad ang mga ito. Laking gulat niya nang makita ang matataas na lettuce towers na kada-harvest daw ay diretso na sa samgyupsal restaurant sa bayan. Hindi raw nasisiraan ang mga ito ng pananim.

Lalo siyang nanliit dahil kahit seniors, mas malaki pa rin ang kita ng mga ito kaysa sa kanya. How pathetic was she?

Nang gabing iyon ay nakatulog siya nang maalwan, siguro dahil sa pamilyar na lugar at sa katotohanang wala na

siyang inaalalang bills at renta. Nang magising siya kinabukasan ay naabutan niya si Mama Nene sa kusina. Ang ama daw niya ay nagtungo sa bilihan ng supplies para sa pananim ng mga ito.

"May naghahanap ng tutor-nanny, anak," pauna ng matanda. "Alam kong hindi mo linya mag-alaga pero mahilig ka naman sa bata. Hindi naman din bago sa 'yo ang tutoring. Malaki naman ang sahod. Ang kagandahan pa, madami kang kasama sa bahay kaya talagang iyong bata lang ang aasikasuhin mo."

Napukaw ang interes niya, dahil bakit hindi? Kung malaki ang sahod, wala siyang nakikitang masama.

"Magkano po ang sahod, Ma?" tanong niya habang nagtitimpla ng

kape.

"Beinte-kuwatro daw, neto naman iyon. Stay-in. Tataas daw agad kung makakasundo ka."

"Hindi naman po special needs? Kasi baka hindi ako qualified kung special needs."

"Hindi, anak. Five years old ang bata. Babae. Nirekomenda kita. Kako baka interesado ka. Mapagkakatiwalaan, ang sabi ko. Gawa iyong huling nakuha, eh, malikot ang kamay. Iyong bago iyon daw, eh, nahuling kinukurot ang bata. Medyo makulit kasi pero mabait naman. Hirap talagang makakuha ng mapagkatiwalaan ang magulang."

"Sige, Ma, susubukan ko." Hindi na masama ang sahod. At least, hindi na siya makikipagkompitensiya sa ibang

lahi para sa baryang kita. Mahirap tapatan ang presyo ng mga freelancer sa ibang bansang mas mahirap pa sa Pilipinas.

"Sige. Itatawag ko. Kelan mo gustong magsimula?"

"Any time, Ma."

"Siya, sige. Maganda na ring ihanda mo ang résumé mo. 'Tapos, puntahan natin mamaya kung gusto mo."

Nagkasundo nga sila. Sasamahan siya nito after lunch. Kaya nang matapos mag-almusal ay ginawa na niya ang résumé, kasama ang references. After lunch, lumakad na nga sila.

"Walang makasundong nanny, Ma?" pagkompirma niya.

"Oo. Mabait naman 'yon, pero

maselan sa anak. Ang sabi ng kasambahay sa akin nang makita ko sa palengke, palaging palpak ang mga nakukuha—naninigarilyo nang patago, nangungurot, pinapagamit ng cellphone ang bata para hindi alagaan, mga ganoon daw. Ayaw na ayaw na ganoon no'ng ama."

"Nasaan po ang ina?"

"Matagal nang umalis. Hindi na babalik, palagay ko. Itong ama ang nahihirapan at gusto ng mag-aalaga. Iyong pangmatagalang makakasama daw, hanggang maaari. Kung maganda naman nga daw ang performance, itataas agad ang sahod. Gusto nga kasing magtagal. Malay mo naman at makasundo mo."

"Sana nga po. Kilala po ba ninyo

‘yan?”

“Oo. At kilala mo rin. Si Congressman Almeda.”

“Congressman...” sambit niya bago napahawak sa bibig. “Mama! Si Lakan?!”

“Oo. Eh, ano naman kung siya?”

“Mama!” daing niya. “Sinabi mo bang ako? Diyos ko, bakit ako gugustuhing maging nanny no’n? Baka nakakalimutan mo na ang history namin, Ma.” Kahit matagal nang nangyari, nahihiya pa rin siya kapag naaalala niya.

“Sus! Siguradong nalimutan na niya, o kung naaalala pa, alam niyang bata ka pa noon. Anak naman, seventeen ka pa lang noon. Naiintindihan na ni Congressman ‘yon. ‘Wag mo nang

isipin."

"Alam ba niyang ako, Ma?"

"Siyempre naman."

"At okay lang sa kanya?"

"Kaya nga tayo papunta doon."

Hindi siya agad nakaimik. God, how long had it been since she last saw him? Probably five years ago. Ni hindi siya nito nakita dahil inihatid lang niya si Mama Nene sa Office of the District Representative.

Of course, her heart skipped a beat because the lawmaker was as gorgeous as before, even more so now. Pero nahihiya siyang batiin ito, kahit pa nga kung tutuusin, tama naman si Mama Nene na ang tagal na panahon na mula nang *ambushin* niya ito ng halik, at napakabata pa niya noon. *Delulu*, sabi

nga.

“Ano ba’ng nangyari sa asawa?” tanong niya.

“Hindi mo pa ba naririnig ang kuwento?” tanong nito.

*Download previews:*

*vanessa-writes.com*

*Announcements and latest projects will be posted on Vanessa's Facebook.*

**WHERE TO BUY?**

*Digital and printed books:*

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Shopee.ph/WhimsicalBooksPh

*Digital (ebooks):*

Facebook.com/WhimsicalBooksPh

Thank you for supporting
local indie writers!